# *Ang Tanda Ng Hayop*

Salamat. Haya't sabi niya, "Hayaan Mong ikubli ko ang aking sarili sa Iyo." Aba, sa tingin ko nga'y napakaganda nito. Gustung-gusto ko talaga 'yun, nang husto. Magiliw na salamat po.

At isang mainam na "Magandang hapon," sa inyong lahat, "gabi," at ang mga pagpapala ng Diyos ay mapasa inyong lahat.

Ngayon, heto, muli, sa gabing ito, na pribilehiyo natin na buklatin muli ang mga pahina ng Salita, rito, para pag-aralan. Gustung-gusto ko—ko ang pag-awit; sadya ngang gustung-gusto ko ito. At lagi kong nababanggit sa mga tao, "Pagdating n'yo ng Langit, kung hindi n'yo ako mahanap sa palibot ng Luklukan kung saan, magtungo kayo sa dako kung saan nag-aawitan sila." At nais kong—kong makadako roon. At gustung-gusto ko ang mainam na pag-aawitan. Pero, sa oras ng—ng Ebanghelyong pagtitipon, kung saan may mga desisyon na pagpapasyahan, sa palagay ko, "Kahit isa o dalawang kanta lang, tapos diretso na agad sa Salita. Bigyan ng panahon ang Salita." Kita n'yo? Dahil 'yun ang pangunahing—pangunahing bagay: ang dumiretso sa Salita.

May mga ilan dito, mga taga-ibang bayan, tumitira sila pansamantala sa isang trailer, sa likod lang ng lugar, na dapat ay kinatagpo ko sila nang maaga-aga kaninang hapon, bago lamang ang mga gawain. Kung nandito po sila: ipagpaumanhin n'yo na hindi ko natupad ang pakikipagkita; at makikipagkita po ako sa inyo pagkatapos na pagkatapos ng gawain; at pagpasensyahan n'yo na nasabi kong, "pupunta ako," gayong ako, may ibang bagay kasi na di inaasahan, kaya naman, di ako nakapunta rito nang mga sandali na 'yan.

Ngayon, bukas ng gabi . . . Sa tuwina'y may tinatanghal tayo na isang bagay, 'yun ang Panginoong Jesus Cristo, 'yun lang, at anumang Makalangit na kalooban Niya para sa atin na gawin. Mangyari nga na kung Makalangit na kalooban Niya bukas ng gabi, itong *Ang Tatak Ng Diyos*, 'yan ang ating ipapangusap, kung loobin ng Panginoon.

2 At ngayong gabi, ang ilalahad natin, kung Kanyang . . . na pribilehiyo ukol sa Kanya na ating gawin ito, o pribilehiyo natin na gawin natin ito para sa Kanya, ang ibig kong sabihin, ngayong gabi, nais nating ipangusap ang isa sa pinaka importanteng paksa na napapanahon: *Ang Tanda Ng Hayop*.

3 At kagabi tayo po'y nasa mga kapanahunan ng iglesya, *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At nagsimula sa Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso, ng Efeso; at nagtapos sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, ang huling kapanahunan ng iglesya.

At nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala ngayon sa Salita habang tayo'y mangungusap.

4 Ngayon maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali sa pananalangin, bago lamang natin buklatin ang Banal na Salita.

5 Mabuting Makalangit na Ama, kami po'y lubos ang pasasalamat para sa pribilehiyo na ito na mayroon kami sa gabing ito, na maging buhay, at maparito sa lupa, sa gabing ito, at may kalusugan at lakas, at nagagawang makaupo sa loob ng gusali, kung saan ang Salita ng Diyos ay binabasa.

6 At dalangin namin, Oh pinagpalang Manunubos, na aming Kamag-anak na Manunubos na Siyang naghugas sa amin sa Kanyang Dugo, at nilinis kami mula sa kasalanan, at ngayon ay inihaharap kami sa Ama, na walang kapintasan, kay Cristo Jesus; nawa po'y pumarito Ka, sa gabing ito, at kunin ang Salita at buksan Ito sa aming mga puso. Nawa'y gamitin ng Espiritu Santo ang Salita habang Ito'y itinuturo, at nawa'y dumiretso Ito sa dakong-tunguhin nito, sa bawat puso, ang puso ko at ang puso ng mga tagapakinig. Yamang kailangan na kailangan namin Ito, Ama, nawa Ito'y matustos. At nawa walang masaktan ang damdamin sa Salita. At, Ama, kung may sandali man na makapagsabi ako ng isang bagay na kontra sa Iyong pangunguna, nawa'y itikom ng Espiritu Santo ang aking bibig. Mithi ko lamang na alamin ang Katotohanan, at pagkatapos ay lumakad dito.

7 Iyo pong pagpalain kami nang sama-sama ngayon, patawarin kami sa aming mga pagkakasala, habang kami'y nagkakatipon sa bahay-sambahan na ito. At nawa ang aming mga pagkakasala'y mapasailalim sa Dugo, at ang aming mga espiritu'y mailagay sa tamang saloobin ng pagsamba sa oras na ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

8 Ngayon, iniisip ko nga, itong munting piraso ng papel dito, na pinagsulatan ko ng ilang Mga Kasulatan para. . .na tumutukoy, na babasahin, na pasisimulan. At ngayon sa pag-akyat ko rito, mistula nga po na nararamdaman ko na huwag basahin ang alinman sa mga ito. Kadalasan po'y ganoon talaga; apat o limang munting teksto para pagsimulan.

9 Pero nais kong basahin o sabihin muna ito unang-una, na, sa pangungusap, hindi ko po kailanman pinag-iisipan. Alam n'yo, marahil, para pong. . .Hindi po ako nagplaplano ng kung ano ang mga sasabihin gaya n'yo, kita n'yo, maski isang bagay. Ako lamang ay naghihintay sa Kanya. At habang nakikita ko ito, ako lamang ay umaabot at kinukuha ito, at ipinapamahagi. At mangyari nga na kung minsan para bang ang dating nito'y medyo magaspang, kung minsan, pero 'yun po kasi'y nasa paraan lamang kung paano ko natanggap ito. Kaya sa ganoon—sa ganoon ko lamang ito maibibigay.

10 Ngayon, dito, hayaan itong . . . akong sabihin ito uli sa gabing ito. Hindi po ito patungkol sa kung sinong indibiduwal o relihiyon ng sinuman, kita n'yo, hindi po. Hindi tayo sang-ayon sa ganoon. Naniniwala tayo na tayo'y mga tunay na totoong Amerikano, na ang bawat tao'y may pribilehiyo na sumamba sa Diyos ayon sa idinidikta ng kanyang sariling konsensya. At nais natin na maging ganoon ito sa tuwina. Pero, sa bawat iglesya po talaga, mayroon tayong doktrina.

11 Maraming beses, sa mga organisasyon, mga denominasyon, mayroon silang kredo. At nananatili sila sa kredo na 'yan, "Ito ang ating kredo." Kahit na ano pa ang isipin ng ministro, ipapangaral at ipapangaral niya ang kredo, dahil siya'y nasa denominasyon.

12 At dito po, wala tayong kredo kundi si Cristo, 'yun ang kredo; at walang batas kundi pag-ibig; walang aklat kundi ang Biblia. At si Cristo ang Ulo; at ang Biblia ang ating sangguniang aklat; ang mundo ang aking parokya. Kaya nais kong—nais kong mangaral mismo sa paraan na nararamdaman ko ang pangunguna na mangaral, at sa mismong pamamaraan na nakikita ko ito.

13 At sa panahon na ito, sa pangungusap lalong-lalo na tungkol sa talagang magaspang, na matigas, na nakakahiwang bahagi ng Ebanghelyo, pero, alam n'yo, bahay po kasi ito ng paghuhukom. "Ang paghuhukom ay nagsisimula sa" (saan?) "sa bahay ng Diyos." Tama. Dito nagsisimula ang paghuhukom. At doon . . . Kung pupunta ka rito sa korte, at magkakaroon ka ng isang paglilitis, mayroon silang aklat dun ng batas, kailangan nilang basahin ang batas na ito, para malaman kung sa ano ka hinahatulan. At ganoon din ito sa bahay ng Diyos, na kinakailangan nating kunin ito mula sa Salita ng Diyos.

14 At ngayon, maraming beses, sa mga bagay na ito, para masigurado na makukuha n'yo talaga ito ngayon, na, maaari akong magkamali. Maaaring mali ang interpretasyon ko. Pero sinisikap kong basahin Ito nang talagang malapit na malapit, at sadyang binabasa ito kung paano ang pagkakasabi Nito mismo. Manatili lamang sa Kasulatan, kung ano ang sinasabi Nito para sabihin.

15 At ngayon napakasaklap lang, o . . . Marahil hindi 'yun kalooban ng Panginoon, at marahil kalooban nga, hindi ko alam, na, nais kong maglaan ng linggo't ilang linggo sa Aklat na ito, na maglumagi rito mismo at matyagan ito na tumutumbok mismo roon sa Daniel, at sa Daniel at Apocalipsis, at idugtong sa mga propeta.

16 At ang buong Salita ng Diyos ay magkakaugnay na magkakalakip hanggang sa kaliit-liitan. Animnapu't anim na Aklat, isinulat ng ilang mga kalalakihan, na saandaang taon ang agwat, at wala ni isa ang sumasalungat sa isa't isa, wala maski

isa. Bawat isa ay ganap mismo. Wala ngang piraso ng panitikan ang naisulat na tulad Nito, sa buong mundo.

17 Sinusubukan nila, sa loob ng dalawang libong taon, tinatangkang baguhin ang Panalangin ng Panginoon. At ang magdagdag ng isang salita Rito, o mag-alis ng Isa mula Rito, na ipaging mas mainam Ito. Hindi n'yo nga magagawa. Oh, Ito'y ganap. Ito'y Salita ng Diyos.

18 At naniniwala ako na ang—ang Biblia ay ang kinasihang Salita ng Diyos. Bawat Salita Nito ay kinasihan. Hindi ako naniniwala na *ito* lang 'yung kinasihan, at *ito* lang, at *'yun* lang. Kinasihan Ito mismong lahat. Ito'y alinman sa lahat ay tama o lahat ay mali; at kung Ito'y halo-halo, kung ganoon ay di natin malalaman kung anong gagawin. Pero Ito nga, hanggang sa kaliit-liitan, ay ang Katotohanan. Handa ako na ibuwis ang buhay ko anumang sandali para sa anumang GANITO ANG SABI NG PANGINOON na nandito.

19 Ngayon, ngayon gugugol lang sila ng ilang gabi. At, siyanga pala, magkakaroon tayo ng panggabing gawain sa Sabado, ipagpapatuloy po ang kinagawian, na gawin 'yung. . .

20 Sabi ng ilang miyembro sa iglesya na kanilang. . .dahil marumi, kung Linggo ng umaga pa magpupunta sa simbahan, kaya ang sabi ng ilan ay magpapaiwan sila ng Sabado ng gabi, pagkatapos ng gawain, at tutulong sa paglilinis ng simbahan para ang mga tao'y hindi na kinakailangang magpunta nang Linggo ng umaga, o nang. . .o hindi na nila kinakailangang kumilos pa ng Linggo, para—para isaayos ang simbahan. Hindi tayo. . .Nais natin. . .Hindi po ako Sabadista, pero nais kong galangin ang—ang pagsamba sa abot ng aking makakaya.

21 At ngayon, hayan po, sa palagay ko iaanunsyo ko bukas ng gabi, marahil, kung loobin ng Panginoon, kung ano ang ipapangusap natin para sa Sabado ng gabi.

22 Ngayon, sa gabi pong ito: *Ang Tatak Ng Hayop*. At bukas ng gabi: *Ang Tanda Ng Diyos*. Yan ang dalawa sa pinaka. . .Sa palagay ko, ang pinaka importanteng paksa na maipapangusap sa panahon na ito, dahil tunay na naniniwala ako na namumuhay tayo sa panahon na ito na mapanuring paghahatol ng Diyos. Naniniwala ako na nandito tayo mismo sa araw na ito. At ayaw nating maging radikal. Ayaw nating maging panatiko. Nais lang nating dakuan ito nang may kalinawan ng pag-iisip gaya ng ipinapangusap rito ng Biblia; at Yun po'y ganap, mangyari nga.

23 At ngayon sa pagtugaygay rito, naririnig natin ang maraming tao, sa panahon ngayon, na pinag-uusapan ang tungkol sa tanda ng hayop. Matagal n'yo na itong naririnig-rinig, "Ano ito? Sino ang may gawa nito? Saan? Sino kaya ang magkakaroon nito? At kung magkaroon sila nito, ano—anong idudulot nito sa kanila? Ano? Ano? Makakasama ba ito sa inyo? May—may maidudulot ba itong masama?"

24 Buweno, ngayon, ’yan ’yung bagay na nais nating—nais nating masumpungan mula sa Salita ng Diyos, ang unang bagay mismo, “Kung mayroon bang tatak ng hayop na binabanggit sa Biblia?” At ang kasunod na bagay, “Anong kapanahunan ang patutungkulan nito? At sinu-sino ang mga tao na magtataglay nito? At anong gagawin n’yo? Maaari bang taglayin n’yo ito nang hindi n’yo nalalaman?” At kung ano pa, na, mga katanungan na kagaya nun. Kaya, sa abot ng pinaka mainam kong kaalaman, haya’t—haya’t ito ay isa sa dalawang pinaka importanteng paksa na maiisip ko na nasa Biblia, *Ang Tanda Ng Hayop*, at *Ang Tatak Ng Diyos*.

25 Ngayon, ang una, may Kasulatan ako rito para ipakita kung. . .o nailista, para makabuklat ako Rito, at ’yun po’y sa San. . .Bilang pagsisimula, sige’t tingnan muna natin kung ano ba ang tanda ng hayop, at, “Kung delikado ba na magtaglay ng tanda na ito? Delikado ba?” Ngayon sa Apocalipsis, sa ika-14 na kabanata at ika-9 na talata, ito ’yung mensahe ng ikatlong anghel. Ngayon, sinumang iskolar sa Biblia. . .

26 Nakikita ko si Kapatid na Stanley rito, at dalawa o tatlo pang mga ministro na nakaupo ngayon. At kagabi may ilang kapatid dito mula sa seminaryong Baptist sa Louisville, at marahil may ilan sa gabing ito. Hindi ko alam. At marahil may Methodist, Baptist, Katoliko, at siguro pa nga’y Judiong Orthodox. Hindi ko alam. Pero hindi ito. . .

27 Hindi ito para saktan ang damdamin ng kung sino; hindi po. At ito lamang ay para. . .Sa paraan lang na ang Biblia’y naisulat, kung paano Ito basahin, at ipakita sa inyo Ito, mismo. At atin lamang pong dakuan Ito nang may malinaw na pag-iisip sa abot ng nalalaman natin kung paano, na may takot sa Diyos, yamang nalalaman na Kanyang hahatulan tayo sa ating mga salita. Maaaring pagpapalain tayo o hahatulan tayo ng ating mga salita sa Araw ng Paghatol.

28 At kung nararamdaman ko na may bagay akong nalalaman, at itatago ko ’yun, mangyari nga na pagbabayarin ako ng Diyos sa Araw ng Paghatol dahil dun; at ang mga kaluluwa sa kanilang mga kamay, ay magsasabi, “Kapatid na Branham, kung sinabi mo lamang sa amin, ay wala sana kami sa kalagayan na ito ngayon.”

29 Nais kong tumayo gaya ni Pablo noong sinaunang panahon, “Ako’y walang pananagutan sa dugo ng lahat ng mga tao. Sapagkat hindi ko ipinagkait na ipahayag sa inyo ang buong kapasyahan ng Diyos.” Tama, sa paraan mismo na nakikita ko Ito; at kung mali ako, ang Diyos nga’y patatawarin ako. Ang mga bagay na ito ay hindi nanggaling kailanman. . .Di po ako kailanman nag-aral sa anumang seminaryo, hindi kailanman pumasok sa anumang eskuwelahan, hindi ko kailanman kinuha ang salita ng sinuman ukol Dito. Ako po’y diretso mismo sa

Biblia, sa pananalangin. At ito'y Makalangit na inihayag ng Espiritu Santo, ang siya ring Anghel ng Diyos na nagdirekta sa akin para makakita ng mga pangitain at iba pa na gaya nun, at ang pagpapagaling sa mga maysakit. At kayo nga ang makapagsasabi kung Ito ba'y totoo o hindi.

30 Ngayon, ito ang mensahe ng ikatlong anghel, sa sanlibutan. At alam n'yo ba, ang mensahe ng ikatlong anghel, ito'y lumalabas na ngayon sa panahon na ito. Ito na 'yung paglipad ng mensahe ng ikatlong anghel, kung isa kang nagbabasa ng Biblia.

31 May tatlong aba na kasunod ito. Ang una'y nangyari noong Unang Digmaang Pandaigdig. Yung pangalawa ay nangyari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nakikita n'yo ang pinatutunguhan natin ngayon. Buweno. Nasa dulo na tayo ng daan.

32 Ngayon atin pong ilagay ito sa ating isipan, bago lamang natin basahin ang Kasulatan. Sa pagkakaposisyon, tayo'y patungo na sa wakas ng kapanahunan. Gaanong katagal? Hindi ko alam; walang nakakaalam.

33 Pero, tingnan n'yo, kunin natin ang sinasabi sa kasaysayan. Ang unang dalawang libong taon, ang kalakaran ng sanlibutan ay humantong sa sukdulan, at winasak ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng tubig. Alam n'yo ba 'yun? Pagkatapos humantong ito bilang bagong daigdig. At 'yung ikalawang dalawang libong taon, humantong 'yun sa kawakasan nito muli, at ipinadala ng Diyos si Jesus. Tama ba? Ito 'yung dulo ng kasunod na dalawang libong taon, 1954. "At ang Ebanghelyo," sabi ni Jesus, "ang gawa ay puputulin," (Para sa ano?) "sa kapakanan ng mga hinirang, o walang laman ang maliligtas," magiging napakasama na. Kaya narito na tayo sa huling panahon. At pagkatapos ang ikapito, sa tipo, ay ang Milenyum, sanlibong taon.

34 At nagpagal ang Diyos nang anim-na-libong taon, alam natin na ang sanlibong taon. . . "Ang isang araw sa Langit ay sanlibong taon sa lupa," Ikalawang Pedro. Kita n'yo? Ngayon, at ginawa ng Diyos ang mundo nang anim-na-libong taon. At nakikipagpunyagi ang Iglesya laban sa kasalanan nang mag-aanim na libong taon na ngayon. At sa ikapitong sanlibo, ang Diyos ay nagpahinga, at nagpahinga noong ikapito; at ngayon isang tipo ng Milenyum, ang Iglesya'y titira rito sa lupa, dito mismo sa katawang anyo, nang sanlibong taon, na walang karamdaman, pighati, bagabag, o kamatayan. Ang dakila't, ginintuang kapanahunan na 'yan ay parating na ngayon! Oh, talagang patungo na roon! Oh, gustung-gusto ko ang awitin na 'yun:

> Ang mundo'y humihiyaw, umiiyak para sa
> araw na 'yun ng matimyas na paglaya,

Kapag si Jesus ay magbabalik darating dito sa
lupa muli.

Gustung-gusto ko ’yun.

Kasalanan at kalungkutan, sakit at kamatayan
ng pusikit na mundong ito’y paparam,
Sa maluwalhating paghahari kasama si Jesus
nang sanlibong taon ng kapayapaan.

Ang sabi ng Biblia, “Namahala’t naghari sila kasama si Cristo nang sanlibong taon,” isang Milenyum.

Ngayon, itong mensahe ng ikatlong anghel, bago lamang ang Pagparito ng Panginoon, kapag ang Tatak at ang tanda ay nailagay na. Ngayon, magkakaroon ng malaking pagtitipon, isang pagtitipon.

35 Doon sa Kanluran, kapag lumalabas kami, dati-rati ako, gawain ko na mula noong batang paslit ako, lumalabas para sa Tagsibol na pagtitipon at para sa Taglagas na pagtitipon, magpupunta sa kabundukan at pagpapastulan ang bakahan. At matapos naming matipon ang lahat na mga baka na mahahanap namin, mula sa bawat sulok, mangyari nga na inihihiwalay namin ang lahat na hin-. . . ’yung mga hindi amin. Yung sa amin ay may hero, haya’t may hero sila. At kung kayo nga’y . . .

36 Nakakita na ba kayo ng paghehero ng baka? Medyo di kumportableng makapanood ng baka na hinehero. Dati nga’y naaawa ako sa baka. At nakakapang-asim ng sikmura kapag sinisimulan mong maghero ng baka. Yung pag-iinit nung bakal na panghero ang dati kong trabaho, dalhin ’yung bakal. At ilapat ’yun sa batang baka na nakahiga roon, haya’t ’yung mga paa niya’y nakatali; at ilapat ang hero na ’yun sa kanya, at ’yung balahibo at laman ay sumasagitsit; tatapalan ’yun ng kaunting alkitran, at pakakawalan siya. At sige nga ang karipas niya! Talagang tatalilis siya. Pero, nakita n’yo, namarkahan na siya.

37 At ganoon ang ginagawa ng Diyos sa atin. Kinakailangan n’yong mapatirapa sa may altar at mamalagi roon na parang tali, kung minsan. Pero, kapatid, kapag tatatakan kayo ng hero ng Espiritu Santo, marahil kayo nga’y magtatatakbo at magsisisigaw, pero namarkahan na kayo. Ganoon nga. Hayun nga kayo. Kapag dumating ang Amo, alam Niya kung saan ka kabilang.

Pero, oh, doon sa batang baka na ligaw, ’yung nilalang ngang ’yun ay hinatulan na magpagala-gala sa—sa kabukiran.

38 Ngayon, panahon ng paghehero. At ngayon magkakaroon lang ng dalawang mangangabayo rito, ’yun nga’y ang Diyos at si Satanas. Kukunin ni Satanas ang kanya, at kukunin ng Diyos ang Kanya. Ngayong gabi ay makikita natin kung sino ang nagtataglay ng panghero ni Satanas, at bukas ng gabi ay

makikita natin kung sino ang nagtataglay ng panghero ng Diyos, ayon sa Salita ng Diyos.

39 Ngayon heto ang mensahe ng anghel, ang ika-9 na talata ng ika-14 na kabanata. Magbasa tayo ng ilang Mga Kasulatan dito, na nailista ko. "At ang anghel . . ."

> *At ang pangatlong anghel ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o . . . kamay,*
>
> *Ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at . . . pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero:*

40 Tunay nga na ayaw nating magkaroon ng anumang kinalaman diyan! Tingnan n'yo.

> *At ang usok ng hirap nila ay* napaiilanglang *magpakailan kailan man: at sila'y walang* kapayapaan *araw* o *gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at sinomang* tumatanggap *ng tanda ng kaniyang pangalan.*

41 Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman diyan, sigurado ako. Oo. Pakinggan n'yo ang kasunod na talata, habang tinitingnan ko ito.

> *Narito ang pagtitiyaga ng mga banal: ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at* ng *pananampalataya* kay *Jesus* Cristo.

42 Ngayon sa ika-15 kabanata, at ika-2 talata. At ang . . . Pakinggan n'yo ngayon, sa ika-15 kabanata at ika-2 talata. Ngayon, nagbabasa tayo kanina mula sa ika-14, at sa ika-9 na talata. Ngayon sa ika-15, at sa ika-2 talata.

> *At humayo ang una, at ibinuhos ang kaniyang mangkok sa lupa; at naging isang masamang . . . mabigat* na mga sugat *sa . . . mga taong may tanda ng hayop na yaon, at sa kanila na* nangagsisamba *sa kaniyang larawan.*

Ika-16 na kabanata po at sa ika-2 talata.

> At *siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng* kapusukan ng *pakikiapid.*

43 Sandali lang po. Paumanhin. Ang nabuklat ko, marahil dalawa agad ang nabuklat ko. Buweno. Ngayon sa ika-20 kabanata at sa ika-4 na talata. Buweno, heto po.

> *At nakakita ako ng mga luklukan, at* may mga *nagsisiluklok* doon *sa mga ito, at sila'y pinagkalooban*

*ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa* ng *mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus* Cristo, *at dahil sa salita ng Dios, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap* ng *tanda sa kanilang noo, o sa kanilang* kamay; *at sila'y nangabuhay at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon.*

44 Hindi nga maaaring tanggapin ang tanda ng hayop at pagkatapos ay sambahin si Cristo o mapasapiling Niya. "Datapwat sinuman ang mangagsisamba sa hayop o sa larawan ng hayop, ay pahihirapan sa harapan ng Diyos at sa harapan ng mga banal na anghel." Yan mismo ang sinasabi ng Panginoon patungkol dito.

45 Ngayon sisimulan na natin. Buklatin n'yo ang inyong Biblia ngayon sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis, at magsisimula na tayo pansumandali. Ngayon napakahalaga po nito. Haya't pakinggan n'yong maigi ngayon.

46 Una, nais nating ipagpatuloy ang paksa natin kagabi. Kagabi nga'y tinalakay natin ang mga kapanahunan ng iglesya, 'yung, kung papaano natin nakita si Jesus na nakatayo sa Kanyang Iglesya, "Na nagsasalita gaya ng lagaslas ng maraming tubig; at Siya'y may buhok na gaya ng balahibong puti ng tupa; ang mga mata'y gaya ng mga ningas ng apoy."

47 Tandaan n'yo, ang—ang buong Apocalipsis ay isang pangitain, at simboliko. Lahat ng ito'y may pakahulugan, kaya kinakailangan n'yong matyagan maigi. Basahin n'yo ang mga propeta, tingnan n'yo ang ibig sabihin ng mga simbolo, pagkatapos ihambing sa dako rito para malaman n'yo kung ano talaga ang ibig sabihin ng mga simbolo.

48 "May mga mata na gaya ng mga ningas ng apoy," na paroo't parito sa ibabaw ng lupa. At nalaman natin na ang mga ningas na 'yun, na gaya. . . "Mga tabak, isang tabak na nagmula sa Kanyang bibig, haya't isang tabak na may dalawang talim," at nalaman natin na 'yun ang Salita ng Diyos na nanggaling sa bibig ng Iglesya. "At hihiwa Ito maging sa utak ng buto, at isang madaling kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso," Mga Hebreo ika-4 na kabanata.

49 Nasumpungan natin ang Iglesya na nakatayo roon sa kagandahan Nito; na si Cristo'y hinubog sa loob Nito! At nakabihis ng puting "damit" ang Iglesya. At kung napansin n'yo, isa Itong babae, "sa palibot ng dibdib," Ito nga'y may damit para takpan ang Kanyang kahihiyan; at may "pamigkis na ginto" na nakapalibot dito, na nakasinturon sa palibot ng dibdib. "Puti," na pumapatungkol sa katuwiran ni Cristo; at ang "pamigkis na ginto" ay kumakatawan sa Ebanghelyo. Ibinubunsod ng pangangaral ng Ebanghelyo ang Espiritu Santo na dumako

sa Iglesya, ang katuwiran ni Cristo; pinapanatili ’yun doon, nakabigkis ng pamigkis, ng sinturong pamigkis.

50 Pagkatapos nakatayo Siya roon, “na ang mga paa’y gaya ng tanso, na dinalisay sa lutuang-bakal.” Pumapatungkol ang tanso sa Banal na kahatulan. At ang Diyos, para pahupain ang Kanyang dakilang panunumpa na Kanyang ipinanumpa, Kanyang pinadala si Cristo, at si Cristo ang nagbayad ng Banal na kahatulan. At pagkatapos ang Iglesya’y binatay sa Banal na kahatulan, na si Cristo na ang humalili’t tumayo sa puwesto Nito. Isa ngang napakagandang larawan, “Nakatayo sa Pitong Kandelerong Ginto!”

51 At nalaman natin na ang unang kapanahunan ng iglesya, kung anong mayroon sila noon. Ilan po ang narito kagabi? Patingin po ng inyong kamay. Buweno, mainam. Ang unang kapanahunan ng iglesya, nalaman natin, sa Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso, mayroon silang bautismo ng Espiritu Santo. At nagbautismo sila ng mga tao sa tubig, at mayroon silang. . . Lahat ng uri ng mga tanda’t mga kababalaghan ay lumalakip noon sa mananampalataya.

52 At mangyari nga, na doon sa bawat kapanahunan ng iglesya, nagsimula Itong lumamlam. Sa ikatlong salin, sa ikatlong salin, pagkatapos tumugaygay na sa madilim na kapanahunan. At lumitaw sila na may huwad na pangalan, may huwad na bautismo, kapwa sa tubig at sa Espiritu Santo.

53 Tapos tumugaygay sila pagkatapos, sa kasunod na kapanahunan, at nagliwanag nang kaunti. At pagkatapos doon nga’y may pintuan na inilagay, para sa pagbubukas, sa pagitan ng Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia at Laodicea.

54 At pagkatapos ang Laodicea’y naging sala-sa-init sala-sa-lamig at napalayo mula sa kabuoan Nito, hanggang sa isuka ito ng Diyos mula sa Kanyang bibig. Ganoon nga. Ganoon sa Kasulatan.

55 At bawat mananalaysay ng kasaysayan at bawat orthodox na mananampalataya’y nalalaman ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya, o “Pitong Kandelerong Ginto,” gaya ng sinabi ng Biblia, na ’yun ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Gaya ng pagtitipo ng Lumang Tipan sa Bago rito, at habang ito nga’y lumalantad.

56 Anupa’t magkakaroon ng malakas na pagliliglig at isang rebaybal bago mismo ang pagsasara ng dispensasyon ng Gentil, bago Ito ipagpatuloy muli ng mga Judio.

57 Alalahanin n’yo, ang mga Gentil ay may limitado lamang, na haba ng panahon para sa biyaya. Ang sabi ng Biblia, “Yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem,” sabi ni Jesus, “hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil ay matapos.” Tama. Mayroon nga itong tiyak na itinakdang panahon hanggang matapos.

58 At nalaman natin ang mga bagay na ginawa nila roon. Napansin natin ang mga tanda't mga kababalaghan na lumalakip sa kanila, kung papaanong sinabi sa kanila ni Cristo kung gaanong kamangha-mangha ito, at kung paano nga ang mga ito. Pagkatapos unti-unting lumalamlam nang lumalamlam ang Liwanag, hanggang mawala. At pagkatapos sa pagsasara mismo, 'yun nga'y magiging isa uling bukas na pinto para sa Iglesya. Ngayon huminto muna tayo rito bago tayo tumuloy dun. Pansinin, kunin pa natin ang isa pang propesiya na biglang dumating sa isip ko. Ang sabi ng propeta, "Darating ang araw na hindi gabi o araw man."

59 Masyado po ba akong malakas? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Kung magagawa n'yo, maaari n'yong pihitin pababa nang kaunti . . . Alam ko umaalingawngaw, at 'yan ang dahilan kung bakit nagsasalita ako nang medyo malakas, para 'yung mga tao sa likod ay siguradong maririnig nila ito. Dahil, Ito po'y napaka importante.

60 "At darating ang panahon, isang araw," ang sabi ng propeta, "na hindi gabi o araw man." Sa madaling salita, magliliwanag, pero magiging maulap, kita n'yo, isang maulap na araw. "Ngunit sa gabi ay Magliliwanag." Grabeng gandang larawan!

61 Ngayon, kapag nagbukang-liwayway sa maulap na araw na ito, ang ibig sabihin nun ay magkakaroon ng mga digmaan, at mga kaguluhan, at mga taas-at-baba, at mga dispensasyon, at mga kasimbahanan, at mga ismo, at lahat na. Haya't magiging di liwanag o dilim. Magiging panahon 'yun na alam nating may isang Diyos, at may isang Ebanghelyo, pero hindi lang talaga nila makita-kita Ito. Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sasabihin nila, "Sinabi ng Biblia na ginawa nila *'yun* dun noong Pentecostes, ginawa nila *'yun* noong sinaunang Iglesya, mayroon silang mga tanda't mga kababalaghan, pero hindi Yan tinuturo ng aming—aming iglesya." Kita n'yo, isang maulap, na hindi madilim hindi rin araw. "Pero, sa kabila nun, ay nananampalataya kami kay Jesus Cristo. Naniniwala kami sa Kanyang ikalawang Pagparito, at alam namin na paparating Siya."

62 Sinabi ng Biblia, "Hindi liwanag o dilim man." Hindi n'yo 'yun matatawag na araw, at hindi n'yo matatawag 'yun na gabi. Pero, pansinin, "Sa oras ng gabi ay Magliliwanag," sa panahon ng gabi!

63 Noong ang mga taga-silangan . . . Ang Aklat na ito ay isang silanganing Aklat; ang Biblia nga. Noong unang magliwayway ang Liwanag sa sinaunang Iglesya, doon sa Efeso, buweno, naalala't nakita natin ang bagay na nangyari roon; ang Liwanag ng Diyos ay dinala sa pamamagitan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng unang pagbuhos ng Espiritu Santo. Nagbigay

’yun ng Liwanag sa buong mundo, at isinulat ang Biblia. Tama ba?

64 Ngayon Kanyang ipinangako, sa kanluraning daigdig, noong ang araw ay sumikat sa silangan, sa pagsisimula ng dispensasyon ng biyaya, at ngayon ang araw ay lumulubog na sa kanluran, sa mga taga-kanluran. Tayo’y mga taga-kanluran. At ipinangako Niya na magkakaroon ng isang rebaybal at Magliliwanag sa panahon ng gabi. Nandito na tayo. Sumisinag na ang Liwanag, “at hindi Ito napag-unawa ng kadiliman.” Ganoon nga. “Mas iniibig ng tao ang masasamang gawa kaysa sa iniibig nila ang mabubuting gawa.”

65 Anupa’t ito’y nagbabadya nang bumaba sa kagiliran sa ibayo. At kung anong munting Liwanag ang dala-dala natin, manghawakan tayo Rito. Tingnan n’yo, Ito’y ang siya ring araw na sumilang noon sa mga Judio, na lumulubog na rito sa mga Gentil. Sa buong kapanahunan dito, sa dalawang libong taon na ito, mayroon silang *ganito*, at *ganoon*, at mga organisasyon at mga dispensasyon, at *ganito* at *ganoon*. At hindi alam ng mga tao kung saan sila nakatindig.

66 Pero ang mga pangako ng Biblia, haya’t ginawa ng Diyos, sa pamamagitan ng propeta, na, “Sa panahon ng gabi ay Magliliwanag.” Magliliwanag sa panahon ng gabi. Naniniwala akong narito na tayo. Lumulubog na ang araw. Dumadaing ang buong kalikasan, umiiyak para sa araw na ’yun. Pansinin.

67 Ngayon, nasumpungan natin, na, ang bagay na taglay nila noon sa pinaka unang kapanahunan ng iglesya, nagkaroon sila ng kakatwang doktrina. Sa una, ’yun nga’y naging “mga gawa.” Ang sabi niya, “Iyong kinamumuhian ang mga gawa ng mga Nicolaita.”

68 Iniisip ko kung ano ba ang mga Nicolaita? Sinaliksik ko ’yun, at sa kasaysayan, nang paulit-ulit-ulit, sa pinaka maiinam na mga komentaryo na mahahanap ko, at walang nakakaalam, gayunpaman isa itong doktrina na pinasimulan ng isang tao, ni Nic, Nicolas, na ipinapalagay na isa raw sa mga alagad na para bang nalihis. Gumawa siya ng isang kredo, o kung anong iba, at mula roon ay nagsimula ang mga Nicolaita. Mga gawa pa lang, sa una. At kung anong “mga gawa” ’yun doon sa Efeso, ay sa kasunod na kapanahunan ng iglesya’y naging isang “doktrina.” At pagkatapos ay tumugaygay sa madidilim na kapanahunan ng pag-uusig.

69 Ngayon ang siya ring doktrina ng Nicolaita na nagsimula roon sa unang iglesya, matapos ang unang tatlo o apat na salin ng mga alagad, naging gawa ito. Unti-unti nilang naiisip, “Buweno, *ito* na Yun.” Ngayon lahat kayo’y nalalaman kung anong kinalabasan nun, at kayo nga na mga nagbabasa ng Biblia.

70 Ngayon, nagsimula 'yun ng mga A.D. 600 at...o 306, doon sa tinatawag nila na kombersyon ni Constantine. Kailanman ay di siya napagbagong-loob. Ang tao na gagawa ng maruruming bagay na ginawa ng taong 'yun, ay di nga napagbagong-loob. Siyanga. Ang tanging bagay na ginawa niya, na may anumang—anumang kinalaman sa relihiyon, ay naglagay siya ng krus sa ibabaw ng simbahan ng Santa Sofia. Bagay ba 'yun na maituturing, na ikapupunta ng Langit? Buweno. Sinabi niya sa mga Cristiano, na kung magwawagi siya sa digmaan na 'yun, magiging Cristiano siya. At nanalangin sila. At nagtungo siya't nagwagi sa digmaan, o nagwagi sa labanan, at bumalik siya't nagsabi, "Buweno, aanib ako sa iglesya." Isang eksaktong tipo ng sala-sa-init sala-sa-lamig na miyembro ng iglesya sa panahon ngayon. Ganoon nga. Naglagay ng krus sa ibabaw ng simbahan.

71 Pagkatapos ng kamatayan niya...Mayroon siyang dalawang anak na lalaki noon, tatlong anak na lalaki; Constantine, Constantius, at Constans-tinople, na nagpasimula na magkaroon ng silangan at kanlurang Roma, at nagkawatak sila. At doon, pagkatapos, ay naging Imperyong Ottoman, noong mga panahon na 'yun.

72 At pagkatapos, sila, noong nasa ikalawang salin, o ikatlo, ikaapat na salin ng mga alagad; at mangyari nga, malalaman n'yo na lang, nagsimula na silang makipagtalo sa isa't isa. At nagkawatak sila, sa isang munting ismo.

73 Ang lahat, kumuha kayo halimbawa ng isang iglesya... Hayan, noong ang Wesleyan Methodist na iglesya'y nasa kapangyarihan, siya nga'y nasa kapangyarihan noong narito si John Wesley. Ang Lutheran din, noong panahon nito; at ang bawat isa. Pero hayaan n'yo ngang mamatay ang nagtatag, minsan lang, at mangyari nga na maliligaw sila.

74 Noong ang Panginoon ay unang nagpakita noon; noong nais nilang magpasimula ako, na gumawa ng isang organisasyon batay Rito, na kung ano pang gaya nito. Nagtungo ako roon, at nakita ko 'yung dako ukol kay Dwight Moody, na isang nagtatag, doon sa Moody Bible Institute. At sa isip-isip ko, "Kung makikita lang ni Dwight Moody ang Bible Institue na ito; ukol nga sa bagay na tinayuan ng lalaking 'yun, at kung anu-ano na ang ginagawa nila ngayon!"

75 Buweno, sabi ko, "Tingnan n'yo rito, tingnan, ano kaya kung—ano kaya kung si Wesley, Calvin, Knox, Finney, Sankey, o si Finney, alinman sa kanila, ay babangon sa panahon na ito, at makikita nila ang kinahantungan ng kanilang iglesya!" Oh, naku! Kita n'yo, sa una, noong nakatayo ang lalaki roon, tangan-tangan nga niya ang Katotohanan.

76 Tingnan n'yo si Dr. Dowie sa Zion City, aba, sa panahon ngayon, tinatawanan na nila nang mukhaan ang Makalangit na pagpapagaling, gayong ang—ang siyudad na 'yun ay binase roon.

Pero noong mamatay si Dowie, hayan nga ang sumulpot. . . Sina Blake, John Lake at lahat sila. Pagkatapos, malalaman n'yo na lang, humantong siya ngayon hanggang sa ang Assemblies of God ay napasok na sa ganoon, at isang malaking kumpol na lang ng pormalidad at lahat na. At wala na ang—ang iglesya at tumalikod na, at nasa kalunus-lunos nang kalagayan.

77 Mangyari nga na nasumpungan ko ito, ang sabi ng Biblia, "Naglingkod si David sa Panginoon nang mainam sa kanyang henerasyon."

78 Kaya ang sabi ko, "Panginoon, ayaw ko po ng organisasyon. Tulutan Mo ako na paglingkuran Ka nang buong puso ko, habang narito ako't nabubuhay." Siyanga. "Ang kasunod, magkakaroon Ka ng isa uling tao kapag nawala na ako. May tao Ka na hahalili sa lugar." Ganoon mismo.

79 Huwag n'yong susubukang magtayo sa ibabaw ng kung anong iba. Hindi ka makagagawa ng apoy sa ibabaw ng parehong lapag. Kinakailangan noon na maglakbay ng Israel. Kapag huminto sila, sila'y backslide. Kinakailangan nilang magpatuloy gabi-gabi; gumawa ng bagong apoy gabi-gabi; magpatuloy mismo sa pag-usad. At 'yun ang kinakailangan nating gawin. Kung anong mayroon si Luther noon ay mainam 'yun; 'yun nga'y sa panahon ni Luther. Kung anong mayroon si Wesley noon; 'yun nga'y sa panahon ni Wesley. Yung bagay na kamit ng holiness, mainam naman 'yun; 'yun nga'y sa panahon nila. Nabubuhay na tayo sa ibang araw. Ngayon tayo'y—tayo'y umuusad. At magkakaroon ng araw pagkatapos natin, na magiging katulad nga. Pero tayo'y lalakad mismo sa Liwanag habang narito ang Liwanag.

80 Ngayon, at napansin ko ito, na, doon ang nangyari sa doktrinang ito, malalaman n'yo na lang, na anupa't nagkawatak-watak ito para maging sangkumpol na mga ismo, pagkatapos nakumberte ang mga Romano. Ngayon, ang imperyong Romano, mula noong panahon na ang—ang Roma ay kinuha noong una at sinakop ang daigdig ng Gentil mula sa Gresya, matapos ang pagbagsak ni Alexander the Great, na siyang nangingibabaw na bansa noon sa mundo; ang mga Romano na, ang kapanahunan ng Gentil. Sinabi 'yun mismo ni Daniel, sa pangitain. Dadako tayo rito, sa—sa ilang minuto. Pero noon pa man ay kamit nito ang nangingibabaw na kapangyarihan sa mundo; ang mga Romano.

81 At pagkatapos nasumpungan natin doon, pagkatapos, na inorganisa nila ang isang iglesya. May sambunton na mga tao ang nagsama-sama, noong mga taong 606, at tinawag ang kanilang mga sarili na, "ang sinaunang mga magulang," ang mga magulang ng iglesya. Mga grupo ng kalalakihan na nagsama-sama at nagtitipun-tipon sa konseho ukol sa bagay

na kinakailangan nilang gawin, at nagtayo sila ng isang organisasyon.

82 Hayaan n'yong mangusap ako rito, minamahal kong mga Cristianong kaibigan, kapwa Protestante at Katoliko. At ngayon, sa palagay ko may mga Katoliko akong kaibigan na nakaupo rito; hindi ko po sinasabi ito para saktan ang mga damdamin n'yo. Dahil, maghintay lang kayo nang ilang saglit, haya't dadako rin tayo sa Branham Tabernacle, kita n'yo, maya-maya. Kinakailangan lamang nating ipangaral ang Ebanghelyo sa kung papaano Ito inilatag rito. Kahit na saan pa . . . Ang sabi ni Juan, "Ang palakol ay iniumang na sa ugat ng punongkahoy," bahala nang tamaan ang dapat tamaan. Tama. Kinakailangan niyang putulin ang mga puno't mga bagay-bagay.

83 Pero, tingnan n'yo, doon nga'y inorganisa nila ang unang iglesya. At nagsama-sama sila't inorganisa ang unang iglesya, na tinawag na unibersal na iglesya, o iglesyang Katoliko sa Roma. At sinasabi ng Katoliko na siya ang "inang iglesya." At 'yun mismo ang katotohanan. Yun ang nanay na iglesya ng organisasyon. Tama. Yun ang kauna-unahan, sa buong kasaysayan ng daigdig, na isang iglesyang naorganisa kailanman; bago 'yun ay wala nga, mula sa pamimitak ng panahon.

84 Sa buong panahon noon ng Israel, hindi sila isang—hindi sila isang organisasyon. Isa silang lahi, hindi isang organisasyon. At sila . . . Si Jesus Cristo'y di kailanman nag-organisa ng isang iglesya. Wala sa mga alagad ang nag-organisa kailanman ng isang iglesya. At wala sa mga panahon pa na nagdaan, matapos ang tatlo o apat na henerasyon pagkatapos nila, na nag-organisa sila kailanman ng isang iglesya. Nais kong kunin n'yo ang kasaysayan at ituro ang inyong daliri sa . . . Ipakita n'yo sa akin kung nasaan nga ang ganoon. At nabasa ko na si Josephus at lahat ng pinaka bantog na mga mananalaysay ng kasaysayan na mayroon tayo sa mundo ngayon, na nalalaman ko, dahil gusto kong makasigurado. Inihahayag ko ang pahayag na ito sa harap ng libo-libong mga tao; kinakailangan na kaya mong suportahan at patunayan ang bagay na ipinapangusap mo. Siyanga. Hindi sila kailanman nag-organisa ng isang organisasyon. At hindi . . .

85 At hindi itinatag ni San Pedro ang iglesyang Katoliko. Nais ko ng isang kasaysayan, o isang kapirasong bahagi lang ng Kasulatan. Si San Pedro ay isang lalaking may asawa. Sinasabi n'yo na isa siyang papa. Hindi siya maaaring maging papa. Si Pedro ay isang lalaking kasal. Ang sabi ng Biblia, "Ang nanay ng kanyang asawang babae ay may sakit na—na lagnat, at pinagaling siya ni Jesus." At sa abot ng nalalaman ko, si San Pedro ay di kailanman nakatapak ng Roma. At walang kasaysayan na makapagpapakita na siya'y nagawi sa Roma. At kamalian po 'yun.

86 Anupa't nag-organisa sila't nagtayo ng isang iglesya na tinatawag na unibersal sa iglesya. Doon ay gumawa sila ng unibersal na panalangin. Mayroon silang ganap na pagkakalakip; ang lahat ay kinakailangan na magkakasama, sinasabi ng lahat ang iisang bagay. Ang parehong panalangin ay pinapaulit-ulit sabihin.

87 At gumawa sila ng sambunton na Kasulatan, hinango ang mga 'yun sa Biblia, marami sa mga 'yun, at gumagawa ng iba pa. Walang purgatoryo na nabanggit kailanman sa buong banal na Mga Aklat ng Biblia; walang "mga Aba Ginoong Maria," walang ganoon. Sa tuwina'y salungat 'yun, salungat dito, saan mang dako sa Kasulatan. Walang ganoon, kailanman. At kung may mahanap kayong dako na alinman, ay may pribilehiyo po kayo na lumapit bukas ng gabi at itama ako. Wala nga roon, kahit saan; dalhin n'yo man ang pari o pastor n'yo. Walang dako, sa Kasulatan, kung saan ito nabanggit.

88 Yung tanging munting aklat, ng Mga Macabeo, na idinagdag Dito, na hindi kinasihan; mga bagay na idinagdag Dito, o inalis Dito. *Itong* Biblia ang tanging nag-Iisa. Ang. . .Ito'y kinikilala ng mga naunang nagtatag, o ng alinmang sinaunang mga mananalaysay ng kasaysayan ng iglesya, o alinmang panahon ng mga Orthodox na Judio, at hindi kumilala ng anupamang iba kundi ang Biblia lang na hawak-hawak natin ngayon.

89 Ngayon, pagkatapos, doon, pakinggan n'yong maigi ngayon. Ngayon iniisip n'yo ba na ang mga Katoliko lang ang tinatamaan nito? Sandali lang, kita n'yo.

90 Ngayon, noong inorganisa nila ang iglesyang Katoliko, at naglunsad sila ng pag-uusig, na kanilang. . .Ibubunsod ang lahat, sa lahat ng dako, ang iglesya at estado, na magkaisa, at madala mula sa paganong Romano papasok sa papal na Romano. Sa madaling salita, mula sa isang paganong pamahiin, kanilang tinanggap ang Cristianismo sa kanilang sariling anyo. Kita n'yo? Hindi nila maunawaan kung bakit ang tao na 'yun ay makatatayo at wala namang pinapanalanginan. Mga pagano kasi sila, kaya inalis nila si Venus at ang inilagay ay si Maria; inalis nila si Jupiter, ang inilagay ay si Pedro; na kung anong uri ng pagsamba sa rebulto. Ngayon, haya't sumasamba sila sa harapan nun. At gumawa sila ng unibersal na pananalangin, inuusal 'yun sa Latin para hindi raw 'yun mabigo, at kung ano pa, sa tuwina'y umuusal sila ng parehong bagay.

91 At hindi kayo makakapagdiskusyunan o makakapagdebate sa isang Katolikong pari, o sa kaninumang Katoliko, sa basehan ng Biblia.

92 May isa na naupo, itong kabataang pari sa dako rito, naupo siya sa tahanan ko nito-nito lang. Ang sabi niya, "Kayo na mga Protestante, binabasa n'yo ang Biblia at nananatili sa

bahay. Kaming mga Katoliko ay nagtutungo sa simbahan at sumasamba."

Sabi ko, "Pero ano? Yun naman. Ngayon sagutin mo ako tungkol dun."

Sabi niya, "Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya."

93 Sabi ko, "Siya . . . Wala ni isang katiting sa Kasulatan ang nagsasabi na ganoon nga." Sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. Sabi ng Diyos, 'Ang salita ng bawat tao'y maging kasinungalingan, at ang Akin ang totoo.'"

94 Sabi niya, "Hindi mo ba naisip na ang isang grupo ng kalalakihan, na nagpapayuhan sa konseho sa isa't isa, ay mas higit na awtoridad kaysa sa isang tao lang?"

95 Sabi ko, "Hindi. Kung ang isang tao na 'yun ay nasa kalooban ng Diyos, kamit-kamit nga niya ang Katotohanan." Sa tuwina'y pinagtitibay 'yun.

96 Gaya kina Josaphat at Micaya, sa mga aralin na tinalakay natin noong isang araw, noong nakaraang Linggo, noong magtungo roon si Micaya. At apatnaraang mangangaral ang nakatayo roon, na sinasabi, "Humayo ka! Ang Panginoon ay sumasaiyo. Humayo ka! Ang Panginoon ay sumasaiyo."

Sabi ni Josaphat, "Wala na bang isa pa rito?"

Sabi niya, "May Micaya pa, pero kinamumuhian ko siya."

Sabi, "Pakinggan natin kung anong sasabihin niya."

Sabi, "Humayo ka, pero nakikinita ko ang Israel na nagkalat na parang mga tupa."

Sabi, "Hindi ba't sinabi ko na sa iyo?" Kita n'yo?

97 Kaya, sino sa kanila ang tama, roon? Hayan nga na apatnaraan na pinagsanay na mga propeta ang nakatayo sa harap nung lalaki, at sa kabila nun may isang munti't abang gusgusing holy-roller ang nakatayo sa likod doon na kamit ang katotohanan. Siyanga. Totoo. Kamit nga niya. Hawak niya ang katotohanan. Sinampal siya sa bibig at hinamak, dahil dun, pero kamit nga niya ang katotohanan.

98 Kaya hindi mahalaga kung gaanong karami ang nagsasabi ng *ganito*, o kung gaanong karami ang nagsasabi ng *ganoon*, ito'y sa kung GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ganoon mismo. Kinakailangan mong tumindig nang mag-isa, maraming beses, kapag titindig ka sa Salita ng Diyos, pero siguraduhin n'yong tumayo sa kung ano ang sinabi ng Panginoon.

99 Ngayon, inorganisa nila ang iglesyang ito, malaking lupon, ang iglesyang Katoliko, na pinaka nangingibabaw sa lahat ng mga relihiyon, sa panahon ngayon, sa dako ng mga Cristiano, ang Katolisismo nga. Pero sinasabi nila, "Hindi n'yo kailangan . . . Hindi tayo . . . "

100 Sasabihin n'yo, "Saan n'yo nakuha ang 'hindi pagkain ng karne'? Saan n'yo nakuha 'ang di pag-aasawa ng pari'? Saan n'yo nakuha ang mga ito?"

101 Sabi, "Hindi kami nagtuturo ng Biblia." Sabi, "Ang iglesya ang tinig. Kahit na ano pa ang sabihin ng Biblia; ang tuon ay sa kung ano ang sinasabi ng iglesya."

102 Pero sinabi ng Diyos, "Mabunsod nga na ang salita ng bawat tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang totoo." Ngayon kinakailangan n'yong pumili.

103 Ngayon, ang pagka-Nicolaita na 'yun ay naging doktrina, at pagkatapos ay naging isang pag-uusig. Ngayon, heto ito na lumabas sa mga huling araw. Pagkatapos may dumating na oasis, sa pagdaan ng madidilim na kapanahunan at ng pag-uusig; pagkatapos may dumating na paghupa, sa unang repormasyon, na si Martin Luther. Nagprotesta si Martin Luther laban sa iglesyang Katoliko, na dahil dun ay lumakad siya roon palabas at kinuha ang komunyon na 'yun . . .

At sinasabi-sabi kasi nila, "Ito ang katawan ni Cristo."

104 Ang sabi niya, "Hindi 'yan ang katawan ni Cristo. Ostiya 'yan. Yan nga ito."

105 Naniniwala sila na ito'y banal daw na eukaristiya, na, "Ang ibig sabihin ng isang *banal na eukaristiya* ay 'Espiritu Santo.' At kapag tatanggapin n'yo 'yun, ay tinatanggap n'yo raw ang Espiritu Santo sa inyong katawan." At mali 'yun.

Ang Espiritu Santo ay ang bautismo ng Espiritu.

106 Hindi yaong, "Kapag dumating nang ganap ang Araw ng Pentecostes, may pari na lalapit at magbibigay sa kanila ng banal na eukaristiya, na ostiya sa kanilang dila." O hindi rin, "May kung sinong mangangaral na lalakad at magwiwisik ng tubig sa kanila, at makikipagkamay sa kanila," hindi rin 'yun. Hindi, po.

107 "Anupa't may isang ugong na nanggaling sa langit na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, na pumuno sa buong bahay kung saan sila nakaupo." Yun ang Kasulatan. Yun mismo ang tama. Ganoon ang nangyari sa Iglesya na 'yun, at ganoon ang nangyari noong ang Liwanag ay suminag sa araw na ito. Diyan suminag ang Liwanag dito; at dito suminag ang Liwanag dito.

108 Ngayon kung may alinman sa Mga Kasulatan, na sinisipi ko, ang kukuwestiyunin, kung paano ba ang pagkakalatag . . . Ibibigay ko sa inyo kung nasaan ba ito, kita n'yo, sa Kasulatan. Buweno. Mangyari kasi, na sa ganitong kaikling panahon . . . Kadalasan, kung susuyurin natin Ito mismo, gugugol po ng mga sanlinggo at mga buwan. Kung iisa-isahin ang bawat Kasulatan, tutugaygayin, sa mga tao sa kanilang Biblia. Pero, kung may tanong po ukol Dito, ipaalam n'yo lang. Sige.

109 Pagkatapos, si Martin Luther. Pagkatapos, matapos ni Martin Luther, dumating si John Wesley.

110 Lumabas si Martin Luther na dala-dala ang katekismo, marami pang mga bagay. Lumabas siya na dala-dala ang isang bautismo, lumabas siya na nagsasagawa ng triune, trinitarian na pagbabautismo na hindi kailanman itinuro sa Biblia, hindi kailanman itinuro sa Biblia. Walang sinuman ang nabautismuhan sa triteistang pagbabautismo, sa Biblia. Kung mayroon man, halikayo at ipakita n'yo sa akin. Wala nga.

111 Ang tanging paraan na inatasan sila para magbautismo, ay, "Magsiyaon at turuan ang lahat ng mga bansa," ang sabi pa Niya roon, "at bautismuhan sila tungo sa Pangalan," hindi sa pangalan, "tungo sa Pangalan; ng Ama, Anak, Espiritu Santo." At bumaling ang mga alagad at binautismuhan ang lahat sa Pangalan ni "Jesus Cristo," at, inatasan na kung sinuman ang nabautismuhan sa ibang pamamaraan, ay kinakailangang lumapit at mabautismuhan muli bago nila makamit ang Espiritu Santo. At heto ang iglesyang Katoliko na . . .

112 Ituro n'yo nga ang isang dako sa Biblia kung saan may tao na nabautismuhan sa pangalan "ng Ama, Anak, Espiritu Santo." Blangko nga, hindi ba? Sabado ng gabi ang gabi ng pagtatanong, kukunin ko ito, dadako tayo para plantsahin mismo ito. Buweno. Buweno. Sige't gusto ko kung may makakapagpakita ng isang dako kung saan may sinumang tao na nabautismuhan sa pangalan "ng Ama, Anak, Espiritu Santo," haya't lalakad ako paalis sa pulpito at sasabihin ko na ako'y isang ipokrito. At sinumang nabautismuhan sa ibang paraan, ay kinakailangan na lumapit at magpabautismo muli sa Pangalan ni "Jesus Cristo," para matanggap ang Espiritu Santo. Ganoon mismo. Yan mismo ang sinasabi ng Biblia.

113 Ngayon, nakita n'yo, kinukuha natin ang teorya sa halip na Katotohanan. Ngayon tingnan n'yo ang Kasulatan. Huwag n'yong sabihin, na, "Buweno, sinabi ni Kapatid na Branham." Tingnan n'yo ang Kasulatan ngayon. Kunin n'yo ang concordance n'yo at tingnan mismo. At pagkatapos mismo na . . .

114 Napansin n'yo, bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesya na ito ay taglay ang Kanyang Pangalan, hanggang sa tumugaygay ito sa madilim na kapanahunan ng iglesya.

115 At, tingnan n'yo, tumitipo 'yun doon sa—sa Orthodox na iglesya. Ang pinakamadilim na panahon na mayroon, ang mga Judio, ay noong si Ahab, sa kasikatan kasunod—kasunod ng dakilang hari na nauna sa kanya; at bago 'yun, ang buong Israel ay nasa isang magandang kalagayan. At dumating si Ahab na isang alanganing mananampalataya, isang sala-sa-init sala-sa-lamig na kalagayan, at nagtungo roon at pinakasalan ang munting prinsesa na ito, si Jezebel, na isang mananamba ng

diyus-diyosan, at dinala siya, at dinala pati ang pagsamba sa diyus-diyosan sa loob ng Israel. Hindi ba't naaalala n'yo 'yun? Pinakasaktong tipo mismo.

116 Noong ang Protestantismo'y ikinasal sa Romanismo, dinala nila ang pagsamba sa diyus-diyosan papasok sa Cristianismo muli, sa madilim na kapanahunan; nang eksakto—eksaktong, nasa dako mismo.

117 Ngayon masdan n'yo noong lumantad 'yun sa panig na ito. Dito nga'y nakuha n'yo ang ano? Isang panghalili sa Espiritu Santo; isang ostiya. Isang panghalili sa bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo; Ama, Anak, Espiritu Santo. Pinalitan nila ng kahalili ang lahat. Makukuha ko nga 'yan at mapapatunayan sa Kasulatan; sunud-sunod na mga kahalili.

118 At sumang-ayon si Martin Luther dito. Dumating si John Wesley na dala ang siya ring bagay, at sumang-ayon din dito. Wala nga kailanman, sa Biblia, na winisikan. Walang ganoong bagay mismo. Walang ganoong bagay sa Biblia, walang atas o utos man para rito, pero pinahintulutan n'yo ito. Ganoon nga. Pinahintulutan n'yo ito. Lumalabas sila at dala-dala itong munting taktakan ng asin at winisikan kayo nito. Bakit? Pinasimulan mismo ng iglesyang Katoliko, at yumuyuko kayo rito. Siyanga.

119 Sabi ng isa, noong isang araw, ang sabi, "Hindi ka isang... Ikaw, ikaw nga'y hindi Katoliko. Isa kang..."

120 Sabi ko, "Hindi nga, kapatid. Isa akong Protestante. Prinoprotesta ko ang bagay na 'yun." Siyanga. Bilang isang ministro ng Ebanghelyo, na ang mga anak ng Diyos ang aking mga kandidato rito, para sa Langit, at kinakailangan kong mangaral para sa kanila at maupo sa harap nila bilang isang guro na may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan, mangyari nga na lalabas na ipokrito ako kung hindi ako titindig para sa bagay na totoo. Sabi ko, "Siyanga, po. Titindig at titindig ako, 'yun man ang makapatay sa akin. Gagawin ko. Akin—akin ngang ituturo kung ano ang nasa Biblia."

121 At handa ako, anumang oras, na talakayin Ito sa kaninuman, kita n'yo; siya man ay papa ng Roma, o arsobispo, o anuman siya. Kita n'yo? Siyanga, po. Tama. Kung mali ako, halikayo at ipakita n'yo sa akin. Ngayon, hindi ako mali, dahil sinisipi ko ang Kasulatan. Kayo...Hindi ko kukunin ang sangguniang aklat n'yo. Heto ang sangguniang Aklat, *heto* mismo.

122 Ngayon, mangyari nga, kung napansin n'yo, nagsimula silang lumabas dala-dala itong lahat ng pagkapormal.

Ngayon, sa huling mga araw, may darating na isang pag-uusig.

123 Ngayon tayo'y, halos, ika-13 kabanata ng Apocalipsis ngayon, bilang pagsisimula. Ngayon kung mapapansin n'yo,

sa pagtugaygay sa kabanata rito, ang sabi, "Tumingin ako, at narito, isang Cordero ang nakatayo sa ibabaw ng bundok ng Sinai. . ." Di po pala, pasensya na kayo, mali 'yung talata ko, maling kabanata, ika-14. Ika-13 kabanata po:

> . . .*tumayo sa* buhanginan *ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na* umaahon *sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa* mga *sungay ay may sangpung diadema, at sa—sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan.*

124 Ano ang *kapusungan*? Yun nga'y "panlilibak, pangungutya, pagbulung-bulungan." Ngayon masdan, siya'y may "pitong ulo, sampung sungay." At masdan n'yo 'yung kanyang "pag-ahon mula sa dagat." Ngayon Apocalipsis 17, sa inyo po na inililista ito, 17:15, ang sabi'y ang—ang mga *tubig* ay kumakatawan sa "lubhang karamihan ng mga tao." Kaya ang *hayop* na ito'y kumakatawan sa "kapangyarihan, di maka-Diyos na kapangyarihan." "Mabangis na hayop na uusbong mula sa mga tao, at tatayo siya sa ibabaw ng buhanginan ng dagat. At nakita ko ang hayop. . ."

> *At ang hayop na aking nakita ay katulad ng. . . isang leopardo,. . .ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso,. . .ang kaniyang bibig. . .bibig ng leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at. . .luklukan, at dakilang kapamahalaan.*

125 "Ang dragon!" May dalawang bagay tayo na isasaalang-alang ngayon. Masdan n'yo ang hayop. May apat na iba't ibang anyo ito.

126 At kung titingnan n'yo ang Daniel 7, sa inyo na minamarkahan ito, Daniel 7. Nakita ni Daniel ang parehong pangitain, walong-daang taon bago ito, nakita na ang pangitain. Nakita niya ang mga hayop na 'yun, na hiwa-hiwalay, sa isa't isa, sa pagsisimula ng paghahari ng Gentil.

127 At heto sila, nakikita ito ni Juan, at hanggang sa dulo ng paghahari ng Gentil, na lahat ng apat na hayop na 'yun ay kumakatawan sa isa. Ang siya ring matatandang diyablo, mga demonyo na inaalihan ang bawat kaharian ng mga Romano, hanggang sa, at mga Griyego, at kung anu-ano pa, hanggang sa dispensasyon ng Gentil, na tumugaygay at nagtagpo sa isang hayop. Masusumpungan natin siya, nang direkta, at makikita natin kung sino siya. Sige. Yung lahat ng 'yun, na leopardo, leon, lahat ng 'yun, 'yung dragon. Ilan ang nakakaalam kung ano ang dragon? Kinakatawan ng *dragon* ang "Roma." Tama.

128 Sige't—sige't basahin natin 'yan. Yan, 'yan nga'y parang tanong sa isip n'yo. Ibigay n'yo lang sa akin ang ika-12 kabanata ng Apocalipsis, pansumandali rito. Sige't tingnan natin dito, Apocalipsis 12. Ngayon tingnan n'yo.

*At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit; isang babae*. . .

129 Ano ang kinakatawan ng *babae*? Ang "iglesya." Ito 'yung—ito 'yung nobya rito. Heto 'yung iglesya, ang tunay na iglesya.

. . .*isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa,*. . .

130 Tingnan n'yo, ang buwan sa ilalim ng kanyang. . . "Ang araw sa ulunan niya, ang buwan sa paanan niya." Ang *araw* ang "dispensasyon ng biyaya." At ang *buwan* ang "dispensasyon ng batas." Ang *babae* ang "iglesyang Orthodox," at nakatayo siya sa ibabaw ng batas. Lumilipas na ang batas, dahil ang batas ay isang anino ng mabubuting bagay na parating. Tama ba? Ang buwan ay isa lamang anino, ng araw na naaaninag sa buwan (tama ba?), ganoon ang buwan. At ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa; tapos na siyang mamuhay sa panahon na 'yun. At pansinin n'yo kung paano ang pananamit niya rito ngayon.

. . .at *nasa ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin:* (Ang iglesya'y pinutungan ng Doktrina ng labindalawang alagad, kita n'yo.)

*At siya'y nagdadalang tao at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak,*. . .*sa hirap upang manganak*. (Yan ang iglesyang Orthodox. Masdan.)

*At—at ang ibang tanda ay nakita sa langit; at narito ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo,*. . .(kita n'yo, panatilihin n'yo sa isipan n'yo ang pito ngayon, "pitong ulo," sa tuwina). . .*pitong ulo*. . . *sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema*.

Ngayon, *at kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaing manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak niya*. (Tingnan!)

*At siya'y nanganak ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa: at* ang *anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa kaniyang luklukan.*

131 Nakatayo roon ang iglesyang Orthodox; na doon ay sumisinag ang araw; ang Doktrina ng labindalawang alagad. Buweno. Habang ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, ang batas, ang anino ng mga bagay na parating; noong ang Liwanag ng Ebanghelyo ay sumisinag na, ang batas ay pumaram noong lumabas ang Araw.

132 "Siya'y naghirap sa panganganak, at siya'y nagsilang ng isang Batang Lalaki," na si Cristo Jesus, "at Siya'y dinala sa

Diyos. Subalit pagdaka. . . " Heto nga. "Noong ang dragon, na diyablo, ay makita ang babae na manganganak na, tumayo siya sa tabi ng babae para lamunin ang Kanyang Anak kapag Ito'y ipinanganak na."

133 At noong si Jesus ay ipinanganak, naglabas ang Imperyong Romano ng isang proklamasyon, na paslangin ang lahat ng mga bata mula dalawang taong gulang, pababa, para mapatay si Cristo Jesus. Tapos naisahan na naman siya ng Diyos, at dinala si Jesus doon sa Egipto at itinago Siya, gaya ng ginawa rin Niya noon kay Moises.

134 Hayun ang pulang dragon na 'yun, ang diyablo. Nasaan siya nakaluklok? Sa. . .Hindi sa Rusya; sa Roma! Haya't ang sabi, "Binigyan siya ng diyablo ng kanyang luklukan at kanyang kapamahalaan, ang pulang dragon," hindi ang Rusya.

135 Naririnig ko ang mga kilalang ministro na sinasabi nila, "Ang Rusya ang anticristo."

136 Hayan nga't, walang kinalaman ang Rusya sa anticristo. Komunismo 'yun. Ang pagpapaimbabaw ng Protestantismo at Katolisismo'y nagbunsod ng komunismo. Ang dahilan kung bakit pinuwersa silang palayasin ng Rusya roon, ay dahil nasa kanila ang lahat ng salapi. At hayan ang lahat ng pananalangin na inuusal sa mga santo, kaya nakakapagpatayo sila ng pinaka malalaking gusali, at nasa kanila ang lahat ng kayamanan ng tao, at kamal-kamal ang mga 'yun na gaya nun. At nakikita nila na wala namang pinagkaiba ang pamumuhay, at walang pinag-iba mula sa iba pa sa sanlibutan, at kanilang pinuwersa 'yun palabas at bumuo ng komunismo.

137 Ngayon, kung bibigyan n'yo ako ng isa pang gabi, kung ipagkaloob ng Diyos, patutunayan ko sa inyo na ang komunismo ay gumagawa diretso sa mga kamay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, para wasakin ang Romanong si-. . . At, alalahanin n'yo, sinasabi ko ito bilang propeta ng Diyos, maghuhulog ang imperyong Rusya ng bomba atomika na kung ano sa Vatican City at wawasakin 'yun sa loob lang ng isang oras. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At sinabi ng Biblia na kumuha ang Diyos sa kanila ng mga kalalakihan na malupit ang puso at inilagay sila sa Kanyang mga kamay, at sila'y mga instrumento sa Kanyang mga kamay, "para tuparin ang Kanyang layunin," at ibalik sa katolisismo ang bagay mismo na sasapitin at sasapitin niya. Ganoon mismo. Yun ang Salita.

138 Kapatid, hindi n'yo pa lang napagtatanto kung gaanong katuso ang mga bagay na ito! Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus Cristo na ang anticristo'y magiging masyadong parehong-pareho na dadayain nito maging ang mismong hirang. Ang sabi, "Ngayon huwag n'yong hayaan na may sinuman na maakit kayo." Sabi, "Huwag kayong maging tulad sa mga hetano, na uusalin ang inyong panalangin nang paulit-ulit, 'Aba Ginoong

Maria, bukod kang pinagpala, napupuno ka ng grasya, at pinagpala naman ang. . .'" Ang sabi, "Huwag kayong maging tulad sa mga hetano, na walang kabuluhan ang pag-uulit." Sabi Niya, "At huwag ninyong tatawagin ang sinuman na 'ama,' sa lupang ito, mangyari nga, ni . . . sapagkat may isa lamang kayong Ama, at 'yun ay sa Langit."

139 Pero bumabaling kayo, na hindi 'yun pinapansin, kaya ginagawa't ginagawa n'yo, dahil popular. Kamit sa tuwina ng diyablo ang popular na bagay. Sa tuwina'y ganoon na, mula sa pasimula, "isang anyo ng relihiyon." Ganoon nga kay Cain. Heto ang kanyang espiritu na kumikilos mismo rito, sa pamamagitan ng anticristo; at heto rin si Abel, ang pinaslang, na dumarating din. Mangyari nga. Pansinin n'yo, at tingnan ngayon.

140 Lahat ng mga hayop na ito, noon, ay tumugaygay lahat sa isang hayop ngayon, na tinawag na "pulang dragon," ang diyablo.

Ngayon simulan natin sa ika-15 talata ng ika-13 kabanata.

141 Nakita n'yo ngayon na ang *Roma* ay ang—ang "luklukan ni Satanas." Ang hayop na may pitong ulo na may sampung sungay ay tumayo sa tabi ng Bata, ang Batang si Cristo, para lamunin Siya sa oras mismo na ipinanganak Siya. Sinong gumawa nun? Si Herodes, ang Roma; sa tuwina. Dadako tayo sa Daniel, nang diretso, kung may sapat pa tayong oras, at tulungan tayo ng Panginoon, sige't tingnan natin.

142 Mangyari nga na sa buong dako ng Mga Kasulatan, mula sa pasimula ng Gentil, pabalik mula Genesis, mapapatunayan ko sa inyo na ang Babilonia'y nagsimula sa Genesis at nagtatapos sa Apocalipsis. Nagsimula roon kay Nimrod, na anak ni Ham, sa pamamagitan ng idolatriya, para magpasok ng mga diyus-diyosan, para sumamba sa mga diyus-diyosan. At tumugaygay mismo, at, naging tuso sa mga huling araw hanggang sa ginagamit na nito ang pangalan ng Cristianismo, at, sa kabila nun, ay idolatriya pa rin!

143 Hindi ba't ang dakilang si San Pablo, sa Ikalawang Mga Taga-Tesalonica'y, sinabi 'yan? Sige't basahin natin mismo, bago tayo lumawig pa. Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa ikalawang kabanata, at tingnan natin kung ano ang sinabi ni Pablo rito. Nakita niya maging ito sa Espiritu, bago ito dumating sa araw na kinabubuhayan natin.

144 Buweno, grabe, kung papaanong sa araw na kinabubuhayan natin, sa kadiliman na kinabubuhayan natin, haya't ang mga kalalakihan at mga kababaihan ay nagkukumpulan rito sa paganong kadiliman at hindi 'yun namamalayan. Grabeng—grabeng kaaba-aba! Kung papaanong ang araw na . . .

145 Ang sabi ni Pablo, "Ang araw na 'yun ay hindi darating, maliban na dumating ang isang pataliwakas unang-una, at ang tao ng kasalanan ay mahayag." Ngayon masdan, dineklara niya

na siya'y isang tao. Tama ba? Ang sabi ni Pablo, "Siya'y isang lalaki ng kasalanan, na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Diyos, para siya ay haya't masamba bilang Diyos." Isang tao, na sambahin bilang Diyos; isang tao na ilalagay rito bilang isang anyo ng pagsamba. At ang sabi niya, "Ang araw na 'yun ay hindi darating maliban na unang-una ay magkaroon ng pagtaliwakas." Ano 'yun? Isang sala-sa-init sala-sa-lamig na kalagayan ng iglesya. Siyanga.

146 Pakinggan n'yo. Hayaan n'yong basahin ko ito sa inyo, kung mamarapatin n'yo, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica. Buweno. Kung madakuan ko ngayon kung nasaan, agad, para hindi tayo bumasa nang masyadong marami. "Huwag kayong padaya kanino man," ika-3 talata, sa Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, ika-2 kabanata.

> *Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating, maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas,* (ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea ngayon)*. . .at ang tao,* (t-a-o, isahan)*. . .tao ng kasalanan ay mahayag, ang anak ng kapahamakan;* (sa halip, sa halip na Anak ng Diyos), *anak ng kapahamakan;*
>
> *Na* sumasalangsang (sa ganang kanyang sarili) *at* nagmamataas *laban sa lahat* na *tinatawag na Dios, ano pa't* siya'y sinasamba bilang Diyos; *na siya bilang Diyos ay nauupo sa templo ng Dios,* na *nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios.* (Tumatanggap ng mga pangungumpisal!)

147 Huwag n'yong sabihin sa akin, Katoliko kong kaibigan! Papaano nga 'yun, na sinasabi n'yo na kayo'y "di naniniwala sa anupaman kundi sa iisang kasal; na ang iglesyang Katoliko'y tumatalima sa isang kasal." Kung wala kayong pera, ayos lang. Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, dito mismo sa aking mga kamag-anakan; isang kabataang babae ang nakaupo rito, isang nanay ang nakaupo rito, at ang tatay, rin; at may isa pang babae rito na kasama itong munting batang paslit na lalaki. Ang kabataang babae'y nag-asawa ng Protestanteng binata; naghiwalay sila't nagkanya-kanya. Pagkatapos mangyari nga, malalaman mo na lang, ang babae'y mag-aasawa uli ng isang Katolikong binata; at ang kailangan niya lang gawin ay magpunta roon at magbayad ng malaking halaga, at bumalik, at, "Hindi naman daw siya kasal dito sa Protestanteng binata, kung tutuusin." Heto nga si Howard, na kamag-anak ko mismo. . .

148 Buweno, dito. . .Hindi ko na lang sasabihin ang pangalan. Mayroon siyang—mayroon siyang anak na babae, at ang anak na babae ay nasa dalawampu't anim na taong gulang. Ang asawa niyang lalaki, iniwan niya ito sa Milltown, at pumuslit at nag-asawa ng isang Katolikong lalaki. At ngayon ang sabi

nila, "Kinakailangan nung lalaki na lumabas ng iglesya." Kaya nagbayad sila ng malaking halaga, para ibalik at "palabasin na 'yung babae'y birhen muli," at ipakasal uli ang babae sa lalaking ito. Kalokohan! Gawin ang babae na birhen uli? Kasal na siya, sa paningin ng Diyos, at namumuhay sa pakikiapid. Ganoon mismo. Haya't GANITO ANG SABI NG PANGINOON, din. Tunay.

149 Isang kahihiyan! "Nagbayad ng malaking halaga." Yan ang dahilan kung bakit ang lahat ng malalaking simbahan at mga eskuwelahan na ito'y itinayo. Yan ang dahilan. Ang buong mundo. . . Hindi n'yo lang alam, dito sa Estados Unidos. Marapat na sundan n'yo ako roon sa ibayong-dagat, kahit isang beses lang, at makikita n'yo. Siyanga, po. Magpunta kayo roon, kapatid, kung saan sila ang nasa posisyon ng kapangyarihan.

150 Madadala ko sa inyo ang isang litrato, tunay mismo, nakunan 'yun ni Kapatid na Kopp, at ipinadala sa akin, ukol sa isang Protestanteng mangangaral, isang mangangaral sa Espiritu Santo, nakahandusay sa kalsada, lumulobo na nang husto't *ganoon* na, siya at ang asawa niyang babae, pati ang isang munting anak na babae, lumulobo na nang paganoon; dahil ipinangaral nila si Jesus Cristo, ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, at ang mga tao'y maaaring maligtas at matanggap ang Espiritu Santo. Walang habas nilang pinatay sila sa kalsada, at ni hindi sila pinapayagang mailibing, at dinuduraan sila, nang mga araw at mga araw. Ganoon nga.

151 Doon sa dako kung saan si Kapatid na Osborn ay bantay-sarado, tinutukan ng mga baril, habang inaalis ang mga bangkay. Nagpunta sila roon, at isang. . . may grupo ng mga pari na sama-samang nagpunta roon at pinatay ang kabataang lalaki na 'yun. At 'yung asawang babae nito'y kapapanganak pa lang. Haya't naglakad sila sa kalsada roon habang ganoon, na may—may—may nakabantay habang dinadala sa libingan, para ilibing siya. At itong nanay ay naglalakad, dala-dala ang isang sanggol, umiiyak, nakasunod sa patay niyang asawang lalaki. At nakadungaw sa bintana ang mga tao, mga tapat-ang-puso na mga tao, ang sabi, "Kung ganyan ang saloobin ng iglesyang Katoliko, tinatalikuran namin ito." At sumunod, ang libo-libong tao, sa kalsada. Nagdaos ng rebaybal si Kapatid na Osborn doon, hanggang sa hindi nila siya mapalabas ng bansa. Napakaraming tao. Ganoon mismo.

152 Oh, grabeng kapaimbabawan! Alam ko na masamang imahe nga. Maupo lang kayo nang tahimik, mga Katolikong kaibigan, dadako tayo sa kabilang panig, maya-maya. Sige. Pansinin.

153 Ngayon uusad na tayo, pansinin, nang kaunti. Hayaan n'yong maiparating ko ito sa inyo. Siguro'y may oras pa ako, may tatlumpung minuto pa. Masdan n'yong maigi. Ngayon bumalik

tayo, bawat nagbabasa, sige't sa inyong isipan, nang isang minuto, bulayin n'yo sa isip n'yo. Noong. . .

154 Bawat Orthodox na mananampalataya rito'y alam na ang paghahari ng Gentil ay nagsimula kay Haring Nabucodonosor. Tama ba? Bawat Orthodox na mananampalataya'y alam 'yan. At nagkaroon ng pangitain si Haring Nabucodonosor, at ibinigay ni Daniel sa kanya ang interpretasyon. Tama ba? At ang ulo nun ay ginto, na pumapatungkol sa Babilonia; ang ikalawa ay Medo at Persia; ang kasunod ay imperyong Gresya; pagkatapos ang imperyong Romano. At sa dulo ng Imperyong Romano, si Jesus Cristo yaong Bato na tinapyas mula sa bundok, na di ginamitan ng kamay, na gumulong at winasak ang imahe (tama ba?), at tinakpan ang buong kalupaan. Alam 'yan ng lahat. Bawat mananampalataya'y alam 'yan.

155 At kung papaano mismo, na sa huling mga araw, kapag maghiwa-hiwalay na sila sa maraming iba't ibang kaharian, at kung ano pa, hanggang sa mga daliri sa paa, na doon ay bakal at putik. At ang ibig sabihin nun, ang sabi ng propeta, "At yamang iyong nakita na ang bakal at putik ay di maghahalo na magkasama, gayundin na ang mga ito'y hindi maglalakip sa isa't isa." Pero paghahaluin nila ang mga binhi, tatangkaing. . . Sa madaling salita, papag-aasawahin sila, susubukang palakihin ang mga anak at hihiwalay, para sa mga kapangyarihan, na parang ganoon. At alam n'yo na 'yan ang katotohanan. Anupa't, isang paghahawak, ang ginagawa nito, at kayo'y paniwalang-paniwala rito, "Oh," sasabihin, "kamangha-mangha naman nito."

156 Tingnan n'yo itong si Stevenson, kung anuman ang pangalan niya, rito. Ngayon ang kanyang. . . dito. Ano uli ang pangalan niya? Nakalimutan ko lang. . . Yung lalaki rito, na pasimuno ng lahat ng kaguluhan sa palibot dito. [Sinasabi ng kongregasyon ang isang pangalan—Pat.] Oo. Oh, naku!

157 Bulok na bulok ang Estados Unidos hanggang sa kaibuturan nito. Siyanga, po. Mapapatunayan ko sa inyo ang mismong sandali noong. . . Itong babae rito, doon sa Apocalipsis 12, noong ang. . . Ang Anak niyang lalaki'y dinala paitaas para paupuin sa Luklukan ng Diyos, at, noong mangyari ito, ang babae'y tumakas sa ilang, kung saan siya'y kinupkop nang sanlibo't dalawang daan at tatlong dalawampung araw, hanggang sa eksaktong petsa ng Plymouth Rock, mismo, kung saan pumarito ang iglesya para sa kalayaan ng relihiyon, at siya'y natatag dito.

158 At ipagpatuloy pa natin ang pagbabasa sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis dito, at tumuon dito sa ika-15 talata. At, ngayon, pansumandali lang po, nais kong bumalik muna bago 'yan, at makikita natin dito kung saan Siya'y nakatayo rito sa dalampasigan. Ngayon kung mahanap ko lang ang dako, kung saan, sa ika-11 talata po.

*At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa;* (hindi mula—mula sa tubig). . .

159 "Mula sa lupa." Mangyari nga, na ang lubhang karamihan ng mga tao'y tubig, kung ganoon ang tinutukoy na dako rito'y walang tao, ang Estados Unidos.

*. . .at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero,. . .*

160 "Dalawang sungay na *katulad* sa isang kordero," hindi kordero mismo. Ano 'yun? Yun nga'y ang ating American buffalo. Tunay nga. Kita n'yo, hayan nga siya, "dalawang sungay na katulad sa isang kordero." Pero pagkatapos nga'y anong ginawa niya? May kalayaan siya sa relihiyon, unang-una; kumilos siya na parang isang kordero, nagsalita siya na parang isang kordero. Pero, alalahanin n'yo, hindi siya kailanman naging isang matandang tupa. Isa siyang kordero. Itong bansang ito ay sandaan at limampung taong gulang lang, alam n'yo, isang kordero lang.

*. . .at* pagkatapos *siya'y nagsasalitang* gaya *ng dragon.*

*At kaniyang* isinasagawa *ang buong kapamahalaan ng unang hayop* sa *kaniyang unahan,* (ang pulang dragon), *at* ibinunsod niya ang lahat na *nasa lupa,* na *nangananahan* sa ibabaw ng lupa, *na sambahin ang. . . hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay.* (Tingnan n'yo!)

*At—at siya'y* gumagawa *ng mga dakilang tanda, na* anupa't nakapagpapababa ng *kahit apoy* mula sa *langit. . .* (Bomba atomika, at hydrogen; maalam, na matalinong bansa, at kung ano pa, na dinadaya ang mga bansa sa pamamagitan ng mga bagay na ito.)

161 Ang Estados Unidos ay hahantong sa isang panahon na ang iglesya at ang estado ay magkakaisa. At pagsasama-samahin ng Protestante at Katoliko ang kanilang mga bagay-bagay, para labanan ang komunismo. At nagaganap na nga ito nang eksakto sa mga kamay ng bagay na sinabi ng Diyos dito.

162 At kayo na mga Protestante na pahila-hilata riyan, na tulog na tulog, na ang binabasa'y kuwentong pag-ibig sa magasin sa halip na Biblia n'yo! Lumalabas, kung saan-saan naglilimayon, sa kung anu-anong kasiyahan, sa halip na magtungo sa isang pagtitipon para sa panalangin sa kung saan; nagtatalo-talo sa isa't isa tungkol sa mumunting di-mahahalagang bagay na hindi naman dapat pagtuunan *masyado* ng pansin. [Pinapalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Ang dapat sana'y nakaluhod kayo sa kung saang dako, kung batid n'yo talaga ang kahulugan ng Walang Hanggan.

163 Pansinin, noong, si Haring Nabucodonosor, sa simula noon, noong pumasok ang kapanahunan ng Gentil. Tingnan natin kung papaano 'yun pumasok. At 'yung paraan ng pagpasok nito, makikita n'yo na ganoon din ang paglipas nito. Alam natin na may pasimula ang panahon ng biyaya para sa mga Gentil, at may katapusan din ng panahon. Tama ba?

164 Ngayon masdan, noong si Haring Nabucodonosor. . . Noong si Daniel ay ipinadala roon, isang matalinong propeta, noong ang lahat ng mga Judio'y para bang sapilitang binaba at yumuyukod sa mga Romano. . . o sa mga taga-Babilonia. Pero may tatlo, apat na kalalakihan; tatlo (sina Sadrach, Mesach at Abednego), at si Daniel, na nilayon sa kanilang puso na paglilingkuran nila ang Diyos. At noong itapon nila si Sadrach, at iba pa, sa. . . At si Daniel ay naging isang dakilang tao, at sa harap ni Haring Nabucodonosor at Belsazar, at iba pa. Noong naging dakilang tao siya, ngayon masdan, gumawa si Haring Nabucodonosor ng isang imahe na ginto at inilagay 'yun sa kaparangan, at pinag-utos na ang lahat ay dapat na yumuko sa imahe na 'yun.

165 Napansin n'yo ba 'yung pagkainosente nun, kung kaninong imahe ang pinaghanguan nun? Kay Daniel, ang imaheng 'yun ng isang lalaki. At hindi ba't sinabi niya, "mga espiritu ng diyos," sabi ng pagano? At gaya nga natin sa panahon ngayon, may tatlo o apat na tao noon. "Ang mga espiritu ng diyos ay nananahan sa kanya," at ginawan nila ng imahe si Daniel. At ang sabi niya, "Ang lahat ng hindi yuyuko sa imahe na 'yan, ay itatapon sa nag-aapoy na hurno." Napansin n'yo, wala si Daniel sa eksena noong mga sandali na 'yan. Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? "At sinuman ang hindi yuyuko sa imahe na 'yan ay pagpipira-pirasuhin, o ipapatapon sa yungib ng mga leon, o itatapon sa nag-aapoy na hurno, o kung ano, papatawan nga ng parusa."

166 Sa ganoong paraan nagsimula ang dispensasyon ng Gentil, haya't sa paganong paraan ng relihiyosong pagsamba, na may pag-uusig para puwersahin sila na yukuran ito. At inihuhula ng Biblia na magiging ganoon din sa huli, "isang banal na Lalaki," si Jesus Cristo; isang imahe hango sa Kanya, para sambahin ito, at kung ano pa.

167 Naalala n'yo, sa aklat ng mga martir ni Foxe, may hawak silang krusipiho sa harapan nila, may nakapuwestong baka sa magkabilang braso nang paganoon, at sasabihin. . . Kung hindi mo tatalikuran, tatalikuran ang Protestantismo, at magiging isang Katoliko at "hahalikan ang krusipiho na ito." Pasusulungin nila ang isang baka sa isang direksyon, at 'yung isa sa kabila, at hahapakin sila. Kanila ring susunugin sila sa mga tulos. Ginawa nila ang lahat ng kung anu-ano. Nakapunta na ako sa mga sinaunang nitso sa ilalim ng lupa; alam ko ang sinasabi ko. At, kita n'yo, haya't, ganoon mismo. At doon sila nahihimlay. At pansinin n'yo kung papaanong dumaan sila sa

mga araw ng pagkamartir bago si Martin Luther. Batay mismo sa Biblia, rin.

168 Ngayon pansinin n'yo nang maigi muli ngayon. Ngayon nais kong pagtuunan n'yo ito ng malaking pansin. Papaano gumuho ang kaharian na 'yun ng Babilonia? Isang gabi noong magtungo sila't kinuha ang mga banal na sisidlan ng Diyos, at nagsimulang inuman 'yun ng alak; hayan sila na nagkakasiyahan nang lubos, at nagpakuha ng mga kababaihan sa dako roon, mga kerida, at nagsasayaw at nagkakatuwaan at nagsasaya nang labis. Tama ba? Noong mga sandaling 'yun ay lumitaw ang isang sulat-kamay sa pader, "MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN." Tama ba? At nagpasugo sila't tinipon ang lahat ng mga Caldeo nila, kanilang mga pantas, ang mga miyembro ng iglesya na sala-sa-init sala-sa-lamig, at wala ni isa sa kanila ang makabasa roon. Ganoon nga.

169 Pero mayroon silang tao roon na nakakapagbasa ng mga di-kilalang wika, hallelujah, na makakapagbigay interpretasyon dun. Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakakapagbigay interpretasyon siya ng mga di-kilalang wika. Ganoon mismo ang naging katapusan.

170 Sa ganyang paraan din siya magtatapos ngayon, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa isang tao na puspos ng bautismo ng Espiritu Santo, na taglay ang kapangyarihan at mga tanda't mga kababalaghan. Sa ganoon magtatapos ang Iglesyang Gentil. Hayan ang mga nalalabi.

171 Sa ganoon ito pumasok, sa ganoon din ito lilipas, mismo, sa isang pagpapayuko at isang pagpupuwersa sa isang kalahating-paganong relihiyon. At sumali mismo ang Diyos noong napaka mahalagang oras at nagsulat sa di-kilalang wika, at ipinaliwanag 'yun ng lalaking 'yun. Nagagawa niyang makapagbigay-interpretasyon. Hindi niya alam ang lingguwahe na 'yun; walang nakakaalam. Pero taglay niya ang parehong Espiritu Santo, na nagpabunsod sa kanya na ipaliwanag 'yun, na 'yan din ang siya ring Espiritu Santo sa Iglesya sa panahon ngayon.

172 Tinatawag n'yo Itong "panatisismo." Inaamin ko na marami silang ganito. Pero, kapatid, may tunay rin diyan, siyanga. Tama, may tunay, din. Ang ginagawa ng diyablo'y binabalandra ang bawat imitasyon na magagawa niya, sa daan, para lituhin kayo. At kung hindi kayo naglalaan ng mas maraming panahon sa pagbubulay sa Diyos na luluhod kayo at magbabasa ng inyong Biblia, at mananalangin at hihiling sa Diyos, kung ganoon ay ipinapakita lang n'yan na di kayo masyadong interesado sa kaluluwa n'yo.

173 Sumulong kayo roon at sabihin, "Diyos, hindi ko po alintana kung gaanong karaming pain ng uwak ang ilagay Mo roon. Nakikita ko na sinasabi ito ng Iyong Biblia, at ako'y

determinado!" Ganoon mismo. "Ipinangako Mo ito sa akin, sa binhi ni Abraham."

174 Kung tinawag ka ng Diyos, lalapit ka Rito; pero kung hindi ka tinawag, kahit gaano ka pa karelihiyoso, ikaw ay ligaw; ganoon nga, hinding-hindi ka makalalapit. Walang makalalapit, maliban na tinawag Niya kayo. At hindi Niya layon na sinuman ay mapahamak, pero marami sa inyo ang mapapahamak dahil sa pagsasawalang-bahala n'yo ukol Dito.

175 Tapos lilibot kayo at makakakita ng bagay na para bang may pagkapanatiko, medyo malabo, "Buweno, sinasabi kasi ni Dr. *Ganito-at-ganoon* na *ganito-at-ganoon* daw, at kung ano pa." At pagkatapos lalakad na kayo at lalapastanganan ang Espiritu Santo, alam n'yong totoo 'yan, at hindi 'yan kailanman ipapatawad.

176 Malalaman n'yo maya-maya kung ano ang tanda ng hayop, kung ano ang—kung ano ang tatak ng diyablo, ang tanda ng hayop. "Sinuman ang magsasalita laban sa Espiritu Santo, ay di patatawarin sa kanya, sa sanlibutan man na ito, o sa sanlibutan na parating." Masdan n'yo ang unang iglesya, kung anong ginawa nila. Masdan n'yo rin, ang tungkol dito, sa ikalawang iglesya! Matatatakan n'yo ang inyong sarili palayo sa Kaharian ng Diyos, at papunta sa diyablo; doon sa dako kung saan "walang kapatawaran, sa sanlibutan man na ito, ni sa isa na parating." Tunay. Kaya, mag-ingat kayo, maglakad nang may pagpipitagan. Mag-ingat kayo sa ginagawa n'yo, dahil hindi n'yo alam kung anong mangyayari.

177 Ngayon, nakikita natin na ang lahat ng ito ngayon ay bumubunton. Mayroon na lang akong dalawampung minuto. Nais kong bumuklat kayo kasabay ko sa ika-17 kabanata, ng Apocalipsis, para magtapos na sa ilang sandali. Ngayon patungo na tayo sa mismong punto. Pakinggan n'yong maigi. Samahan n'yo ako sa pagbasa. Buklatin n'yo ang inyong Biblia at maghanda sa pagbabasa. Ito nga ang seselyo at seselyo rito.

178 Alalahanin n'yo, may dalawang tanda; ang isa ay apostasiya, ang isa naman ay Espiritu Santo. Ang isa ay tanda ng diyablo.

179 Alalahanin n'yo, nabanggit ko na ito, na ang sinaunang iglesyang Katoliko . . . Ngayon, mga Katoliko, maupo kayo nang may pagpipitagan pansumandali. Bumuo ng sarili niyang opinyon ang sinaunang iglesyang Katoliko tungkol sa bagay na ito. May huwad na doktrina sila, ukol sa banal na eukaristiya, ng pagkain ng ostiya sa halip na bautismo ng Espiritu.

180 Ang kinuha naman ng Protestante'y pakikipagkamay, o panunumpa; pareho silang mali, batay sa Salita ng Diyos. *Ito* ang blueprint. Sila'y nagsilapit at nabautismuhan sa, "Ama, Anak, Espiritu Santo," gayong wala ni minsan na sinuman na nabautismuhan sa ganoong paraan; na ganap na pagano mismo, ang Katolikong bautismo. At aminado sila riyan, at

sinasabi, "Kayo na mga Protestante'y yumuyukod kayo sa aming bautismo."

Sabi ko, "Bakit n'yo ginagawa 'yan?"

181 Sabi, "May kapangyarihan ang iglesyang Katoliko na baguhin ang alinman sa Kasulatan na nais nito."

Sabi ko, "Kasinungalingan 'yan."

Sabi niya, "Bakit kayo yumuyukod dito kung ganoon?"

182 Ah, pagkatapos nga'y matatahimik kayo. Hindi ako! Hindi ako naniniwala dun. Heto ang Salita ng Diyos. Siyanga. Kung gusto ng mga tao na ganyan ang sundin, bahala silang mag-isa. Sasabihin at sasabihin ko ang Katotohanan. Siyanga.

183 Pansinin, tapos lumabas sila sa lahat ng iba pa rito, ang iglesya, isinali ang matanda nitong katekismo at lahat ng mga bagay na 'yun doon. Grabeng bunton ng kalokohan at walang kapararakan! At ibinunsod nito na mapisa ang bilyun-bilyon na mga walang pananampalataya, at malamig na pormal. . .

184 Sa diyablo ito, sa simula't sapul. At mapapatunayan ko sa inyo na sinabi ng Biblia rito, "Ang buong lupa'y nanggilalas sa harap ng kapangyarihang ito ng hayop; na naging, at wala na, at darating." Papaano mangyayari 'yun, "na naging, at wala na"? Sabi, "Ang buong mundo'y nanggilalas ukol dito."

185 Noong ang paganong Roma ay naging papal na Roma, hindi na 'yun huminto. Ang sistema ng Romanismo ang nahinto; na kapag may bagong hari na darating, nagtatatag siya ng panibagong kalakaran. Pero noong pumasok sila sa paganong Roma, sa pamamagitan ng iglesyang Katoliko, sa pamamagitan ng papalismo, hindi na nga ito huminto. Kapag may isang papa na mamamatay, sila'y naglalagay ng isang pamalit; may isang papa na mamamatay, sila'y magluluklok ng panibago. "Ang hayop na naging, at wala na, at darating; wala na, at darating; na. . .at masasadlak nga tungo sa kapahamakan." GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO, sa pamamagitan ng Kasulatan.

186 Ngayon, pakinggan n'yo. "At may dumating. . ." Lahat po'y magmatyag ngayon, sa ika-17 kabanata.

> *At dumating* sa *akin ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok,* ('yun ang huling mga mangkok, na ibinuhos), *at nagsalita sa akin, na nagsasabi. . . Pumarito ka;* at *aking* ipakikita. . .*sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na* nakaupo *sa maraming tubig:*

187 Masdan n'yo 'yung sa Apocalipsis 12. Yun nga'y isang babaing birhen. Siya'y isang tunay na binibini. Ganoon ngang kaganda ang kanyang pagkakatayo!

188 Pero itong narito ay tinawag na patotot, "p-a-t-o-t-o-t," na ang ibig sabihin ay di-. . .Ano 'yun? Anituhin natin. . .o analisahin natin.

189 Pasensya na po. Masyado ko nang minamadali; sa palagay ko'y may labinlimang minuto na lang ako. Gugugol pa ako ng isa pang oras kung ganoon, kaya mamalagi lang kayo. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

190 Tingnan n'yo. Buweno. Tingnan n'yo, sige't analisahin natin ito nang maigi. Isa siyang napakaruming babae. Ano ang isang patotot? Ayaw ko sanang sabihin ang salita na 'yan, pero nakasulat nga rito sa Biblia. Isa 'yung babae na nag-aangkin na isa siyang mabuting babae, at nakikiapid sa ibang kalalakihan. Ngayon, kung ang isang babae'y sinasagisag ang iglesya, kung ganoon isa itong iglesya na nag-aangkin na isang Cristiano, at nakikiapid naman sa ibang mga bagay. Tama ba?

191 "At nauupo siya sa ibabaw ng maraming tubig; lubhang karamihan ng mga tao." Basahin ang. . . sa bandang ika-15 talata at makikita n'yo 'yun doon, kita n'yo. O, ika-17, banda roon. Dadako tayo dun maya-maya. "Ang babae na nakaupo sa maraming tubig; ang patotot." Grabe! Kung mayroon tayong mga araw at mga araw, tatalakayin ko ang babae na 'yun at tutugaygayin siya mula kay Cain hanggang sa Pagparito ng Panginoong Jesus, at patunayan sa inyo na siya ang kauna-unahan na nag-organisa ng isang iglesya. Siya ang ina ng organisasyon. Masdan, "At ang babae na nakaupo sa maraming tubig. Sa ibabaw, nakaupo sa ibabaw ng maraming tubig."

Ngayon ika-2 talata.

> . . .*Na siyang pinakiapiran ng* (m-g-a h-a-r-i) *mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid.*

192 Sa madaling salita, siya ay nag-aangkin na isang Cristianong iglesya; mataas, maganda. Masdan n'yo ngayon kung paano ang pananamit niya, maya-maya, na may mga perlas at ginto at mga bato. Sinasabi nila, "Sino ang gaya niya?"

193 At mayroon siyang saro sa kanyang kamay, na puno ng "alak ng kanyang mga pakikiapid," kanyang karumihan, kanyang doktrina na nagbubunsod sa mga hari, oh, umusal lang ng kaunting dasal at "dadasalan para makaalis ng purgatoryo," at lahat ng mga bagay na ito. Ganoon nga. Hayan nga. Hayan ang Salita ng Diyos na binabasa ko. Tingnan n'yo, "Pagdaka'y kanya akong dinala sa. . . " Ngayon tingnan natin, at gumawa ng alak. . . Tama, ika-3 talata na ngayon. Buweno.

> At *ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae na* nakaupo *sa isang pulang* kula-. . .*na hayop,*. . . ("Pula," mayaman, pinaka mayaman na iglesya sa buong mundo.)

194 Sumisigaw sila rito, "Sino ang makakabaka sa kanya?" May isang lalaki lang sa mundo, isang lalaki lang sa mundo, sa buong mundo, na may kapangyarihan na gaya sa pangitain noon ni Haring Nabucodonosor. Ang sampung daliri na 'yun sa paa

na nasa bawat...Ang bahid na 'yun ng Romanong bakal ay makikita sa bawat bansa ng mundo. Wala ngang ibang tao sa mundo na may makapangyarihang pagsasabi gaya ng papa ng Roma. Si Presidente Eisenhower ay makakapagsalita sa Estados Unidos, at 'yun ay batas; pero sa ibang bansa na pagsasalitaan niya, haya't wala nga 'yung kabuluhan. Pero ang herarkiyang Katoliko'y makapagsasalita sa Roma, at bawat bansa ay sisigaw ukol dun. Ganoon nga. Hayan siya. Ngayon titingnan natin kung nasaan siya, at titingnan natin kung siya ito o hindi, titingnan kung inilalarawan ba siya rito. Buweno.

> ...*at nakita ko ang isang babae na* nakaupo *sa isang hayop na pula,* (mayaman), *na puno ng mga pangalang pamumusong,...*

195 Huwad na bautismo; huwad na pamamalakad; pinangungunahan ang mga tao sa kabulagan, sinasabi sa kanila na sapat na ang pagdalo-dalo sa simbahan, mangumpisal, at kung ano pa, umusal ng "Aba Ginoong Maria," mangumpisal. Kamangmangan! Walang kabuluhan! Hindi ko makita kung papaanong may mga tao, na maaayos ang pag-iisip, tapos maniniwala sa ganoong mga bagay.

> ...*na may pitong ulo*...

196 Hayan nga uli, ang siya ring demonyo na nasa lahat ng dako, ang pulang dragon, ang hayop at lahat na, ay may "pitong ulo; sampung sungay."

197 "At ang babae," ang babae, ngayon, ang iglesya. Ngayon, ang *hayop* ay ang "kapangyarihan" na taglay niya, ang Romano Katolikong iglesya, anupa't ang Romano Katolikong kapangyarihan. Pero, heto ang iglesya na ipinapangusap ngayon.

> *At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng* kasuklam-suklam *at* ng *mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid:*

198 Hayan nga siya; isang iglesya, alam n'yo na. Hindi ba? Hayan nga; siya'y inilalarawan mismo. Ipagpatuloy n'yo lang ang pagbabasa at makikita n'yo kung sino siya.

> *At sa kaniyang* ulo *ay* nakasulat ang pangalan, *HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT,* ANG KASUKLAMSUKLAM *SA LUPA*.

199 Buweno, Protestante, dito kayo mapipiga. Aaminin n'yo na isa siyang patotot, pero siya'y ang "INA" (ng ano, ng mga anak na lalaki?) "NG MGA PATOTOT." *Kababaihan* ang tinutukoy dun, tama ba? Ang *mga kaiglesyahan* ang tinutukoy dun kung ganoon, tama ba? Siya ang inang iglesya kung ganoon, hindi ba? Saan nanggaling si Martin Luther? Katolisismo. Saan sila

nagmula lahat? Sa Katolisismo, na dala-dala ang siya ring doktrina, at yumuyukod kayo rito.

200 Ngayon, ang pinakamahalay na babae sa Jeffersonville ay makakakapagsilang ng isang mabuti't, tunay, na birheng babae, siyanga, at maaari siyang mamuhay nang matuwid kung nais niya. At ganoon din sa iglesyang Lutheran, sa Methodist, sa Baptist, at sa Presbyterian, at sa iba pa; sila'y nagsilakad nang tuwid nang ilang panahon, noong ang kanilang—noong ang kanilang mga nagsipagtatag ay nangangaral ng Ebanghelyo sa kanila. Pero ngayon nagsisipuntahan na sila sa mga palabas, sa mga sayawan, telebisyon, naninigarilyo na, gumagawa na ng kung anu-ano, (alam n'yo na katotohanan 'yan!), nagpapaiwan sa bahay kung Linggo. Ano 'yun? Dahil ang inyong patotot ay umaakto na parang kanyang nanay. Ganoon mismo. Ganoon mismo.

201 Ngayon tingnan natin kung saan nakalatag ang kulay. Ang sabi ng Biblia siya'y "ANG INA NG MGA PATOTOT." At alam ng lahat na 'yun ang paganong Roma, o Gng. papal na Roma, ang iglesyang Katoliko. Maya-maya, ipapakita ko sa inyo, kung saang dako siya nakapuwesto sa lupa, nang saktong-sakto mismo kung saan siya nakaupo. Hayan nga. Kung nasaan siya at kung sino siya, sinabi mismo ng Biblia. Hindi sabi ko; sabi ng Biblia! At ang sabi'y nagsilang siya ng napakaraming mga anak na babaing mga kaiglesyahan na katulad niya. Buweno, ngayon, Methodist, at Baptist, at Lutheran, at iba pa, nakikita n'yo kung saan kayo hahantong, sa isang "INA NG MGA PATOTOT." Ang pamumuhay nila'y maayos naman, pero noong ang Liwanag ay nagsimulang suminag. . .

202 Katulad nga ng sangkumpol na mga ipis sa panahon ng tag-init. Sindihan n'yo ang ilaw, sa daan kung saan kumakain ang isang ipis ng lumang busal ng mais o bagay na iba na tulad nun, at sinagan n'yo ng liwanag at panoorin n'yo sila na magpupulasan nang husto para magtago sa abot ng makakaya nila.

203 Ipangaral n'yo ang Ebanghelyo, o ang bautismo ng Espiritu Santo, sa marami sa mga luma't pormal, na di maka-Diyos na mga iglesyang ito; at masdan n'yo sila, "Hindi kami naniniwala sa ganyang bagay. Hindi ako naniniwala sa kung anong. . ." Bakit? Alam n'yo kung ano kayo, sa simula't sapul. Ganoon nga. Ganoon mismo.

204 Hindi ako nagsasabi ng anumang bagay laban sa inyong iglesya; kapatid, mayroon kayong mga tao riyan na mga hiyas. Hindi ako nagsasabi ng anumang laban sa mga Katoliko. Iniibig ko ang mga Katoliko nang pareho sa pagmamahal ko sa mga tao rito sa Branham Tabernacle. Hindi kayo, kaibigan, ang sinisigawan ko rito. Hindi kayo, Methodist at Baptist, at Branham Tabernacle. Hindi kayo ang sinisigawan ko. Ang

kasalanan na pinababayaan n'yo ang diyablo na ilagay sa inyo! Dahil lang sa nakakadalo-dalo kayo sa simbahan, iniisip n'yo nang ligtas kayo.

Ang sabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak sa tubig at Espiritu, hindi siya makapapasok sa Kaharian." At kapag natanggap n'yo ang bautismo ng Espiritu Santo, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Direktang-direkta 'yan mula sa balikat, kapatid. Oh, hindi sa balikat galing, kundi direkta mismo mula sa Biblia. Hindi kailanman sinabi ni Jesus, "Marahil ang mga tandang ito ay lalakip sa iilan." Ang sabi Niya, "Ang mga ito'y lalakip sa kanila."

Oh, sinasabi nila, "Ngayon, naniniwala ako na 'yun ay para sa mga alagad noon. Naniniwala ako na para lang 'yan sa mga naunang alagad, at 'yun nga'y doon-doon pa sa pasimula."

205 At 'yung mismong aralin natin kagabi, "Siya'y may pitong bituwin sa Kanyang kamay," at bawat bituwin ay ibinibigay sa bawat kapanahunan ng iglesya para maging isang Liwanag, siyanga; gaya ng kung papaanong may alagad *doon*, may alagad din *doon*, at isang alagad *doon*, at isang alagad *doon*; "na pitong Espiritu," sa pasimula ng ating aralin, "nakatayo sa harap ng Diyos, para ipadala sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya."

206 Oh, kapatid, maaaring lumalakad kayo dala-dala ang kung anong munting baptist o Methodist na doktrina, at nakakapagpatuloy sa ganoon; pero silipin n'yo nga ito, sa pananaw ng Biblia, minsan. Siyanga. Amen. Pakiramdam ko nga'y napupuspos ako nang husto ngayon. Amen. Siyanga, po. Tingnan n'yo. Kapatid, hayan nga kayo. Isa itong pagdidikdik; pero anumang paghahagupit, hindi nga makakapagbunsod sa inyo ng mabuti . . .

207 Si nanay, na nakaupo riyan sa likuran, noong araw pinapainom niya ako ng castor na langis. Maliliit na mga batang paslit pa kami noon. Kinakailangan naming kumain ng tinapay na mais at mga gisantes, araw-araw sa sanlinggo, at maging Linggo, rin. Mangyari nga, na kailangan kong uminom ng maraming gamot. Sabado ng gabi, lagi niya akong pinapainom ng castor na langis. At kapag sumasapit ang Sabado ng gabi ay pinipisil ko ang ilong ko, nang *paganito*, haya't di ko po sinasabi ito bilang biro. Pinipisil ko ang ilong ko, tapos sinasabi ko, "Nanay, hindi ko talaga kaya. Pinapasama nito ang sikmura ko."

Sabi niya, "Kung hindi nito pinapasama ang sikmura mo, hindi ito magdudulot ng mabuti sa iyo."

208 Ganito rin *Ito*. May ibinubunsod sa kaibuturan n'yo! Ibinubunsod Nito ang inyong—inyong mga laman-loob na pantunaw na gumana nang tama, para matunaw n'yo nang husto ang buong Ebanghelyo.

209 Dumating ang Lutheran dala-dala ang pag-aaring ganap. Aba, sila nga'y . . . Inorganisa ito nang husto, "Siyanga, po, kami ang iglesya!"

210 Nakita ni John Wesley ang pagpapaging banal. Ang sabi niya, "Nakikita ko na iba ito." Tapos ang sabi niya, "Mainam 'yan, Luther, pero ito na 'yun." Ano siya? Si Luther ang bituwin noon ng kapanahunan niya, pero heto na si Wesley. Buweno.

211 Ngayon, pagkatapos, hayan nga ang lahat ng mga Lutheran na bumalik sa istante, dahil nakalimutan nila ang . . . o hindi . . . Ngayon, hindi lahat . . . Ang ibig kong sabihin ay ang iglesyang Lutheran. Ang Lutheran nga'y may mabubuti pa ring mga tao, puspos ng Espiritu Santo. Siyanga. Pero ngayon sila'y nagsipagbalingan pabalik sa iglesya, noong kapanahunan na 'yun. Buweno.

Heto si Wesley na dumating. Dinala niya sila patawid sa kanyang kapanahunan.

212 Pagkatapos, malalaman n'yo na lang unang-una, dumating . . . Matapos ang kapanahunan ng Wesleyan, dumating ang Pentecostal. At tinanggap nila ang Espiritu Santo, nagsalita ng mga wika.

213 Naku, ang mga Methodist, at ang mga Nazarene, at ang Holiness, sinasabi nila, "Oh, sa diyablo 'yan." At nakita n'yo kung anong ginawa n'yo? Pinusong n'yo ang Espiritu Santo. At nakikita n'yo ba kung nasaan kayo ngayon? Ganoon nga. Kayo, eksakto mismo sa ginawa n'yo. Tunay, ginawa n'yo. At bigo kayo na lumakad sa Liwanag.

214 At ngayon kayo na mga Pentecostal ay naging masyado nang sala-sa-init sala-sa-lamig, itong Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, na anupa't isinuka kayo ng Diyos mula sa Kanyang bibig. Tama. Ganoon mismo.

215 Sinasabi n'yo, "Naniniwala ba kayo sa pagsasalita sa iba't ibang wika?" Oo, naman. "Nakapagsasalita ka ba ng mga wika?" Siyanga, po. Pinupuri ko ang Diyos dahil dun. Siyanga, po. Ako'y nakapagsalita ng mga wika, maraming beses na. At naniniwala ako na Kapangyarihan ito ng Diyos. Oo. Hindi ako naniniwala na ang paunang katibayan, ngayon, ay ang pagsasalita ng mga wika. Pero naniniwala ako na may isang Kapangyarihan ng Diyos na makapagbubunsod sa inyo na makapagsalita ng mga wika, na may mga tanda't kababalaghan na lumalakip. Siyanga, po.

216 At pagkatapos ang diyablo'y naglagay ng matandang panakot doon, isang kung sino na nagkukunwari at umaakto na para bang taglay nila ang Espiritu Santo. At lahat kayo na mga Pilgrim Holiness, at mga Holiness, at mga Nazarene, at lahat kayo, lilingon kayo at sasabihin, "Ooh, ayaw ko ng anumang kinalaman Diyan. Ooh!"

217 Oh, kahabagan! Kung kamit n'yo ang Espiritu Santo, o kayo'y bahagi ng Diyos diyan sa kaibuturan ng puso n'yo, na kayo'y pinaging malinis gaya ng dapat mismo'y ganoon kayo, haya't napagkilala n'yo sana na 'yun ay Kapangyarihan ng Diyos. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Kung kilala n'yo si Moises, disin sana'y kilala n'yo rin Ako"? Tunay nga. Kung ang pagpapaging banal ay bahagi ng Espiritu Santo na naglinis at nagpabanal sa inyo; kung kamit n'yo Yun, mapagkikilala n'yo ang iba pa Nito kapag Ito'y dumating.

218 *Itong* kamay na ito'y nakikilala ang kamay na *ito*. Itong ulo na ito'y nakikilala ang paa na *ito*. Ito'y bahagi ng katawan.

219 At sinasabi ng Biblia na may siyam na espirituwal na kaloob; mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at pro-. . .kung ano pa; at—at interpretasyon ng mga wika, pagsasalita ng mga wika, Makalangit na pagpapagaling. Makikilala't makikilala Nito ang bawat munting bahagi Nito.

220 Oh, maninigas ka agad, "Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman Diyan." Whew! Umiinit nga sa paligid dito, hindi ba? Yan ang katotohanan. Bakit? Bakit? Kayo kasi'y organisado na. Sinasabi kasi 'yan ng iglesya n'yo, at 'yan ang dahilan kung bakit di n'yo magawa ito.

221 Pero marami sa inyo na mga Methodist ang lumabas at natamo ang Espiritu Santo. Marami sa inyo na mga Baptist ang lumabas at natamo ang Espiritu Santo. Siyanga, po. Kayo, ang marami sa inyo na mga Holiness ang lumabas at natamo ang Espiritu Santo. Siyanga. Bakit? Di n'yo alintana kung anuman ang sinabi ng iglesya. Lumakad kayo sa Liwanag. Amen. Hindi n'yo alintana kung ano ang nangyari. Alam n'yo na sa Panginoon ito, at kayo'y lumakad mismo Rito.

222 Hayaan n'yo ang matanda—hayaan n'yo ang matandang ginang doon, ang kanilang matandang nanay. Umaakto siya na parang 'yung nanay niya noon, isang patotot. Siya'y naorganisa. Yan mismo ang naging ugat ng pagsisimula ng kaguluhan, noong naorganisa ang iglesyang Katoliko. Pagkatapos naorganisa ang iglesyang Lutheran pagkatapos niya. Pagkatapos naorganisa ang iglesyang Methodist pagkatapos niya. Pagkatapos naorganisa ang iglesyang Baptist. At ngayon may animnaraan at siyamnapu't anim na iba't ibang organisasyon. At ganoon din ang ginawa ng Pentecostal!

223 Luwalhati! Anong nangyayari? Pinatutunayan ng Diyos na wala Siya sa isang organisasyon. Siya'y nasa Espiritu, ang Espiritu Santo. Hallelujah! Hallelujah! Siyanga, po.

224 Hindi Niya alintana anuman ang organisasyon n'yo. Wala 'yang kabuluhan. Konektado ito sa Katolisismo at bumalik doon, at nanatili roon, at tinanggap n'yo ang siya ring tanda na tinanggap niya. Hindi ba't sinabi ng anghel, "Lumabas kayo sa kanya, Aking bayan, at huwag kayong mangaramay sa kanyang

mga kasalanan, at Aking tatanggapin kayo"? "Huwag ninyong hipuin ang maruruming bagay niya, at Aking tatanggapin kayo," ang Espiritu Santo'y nagsasalita.

225 "At sinuman ang tatanggap sa tanda ng hayop, o letra ng kanyang pangalan." Kung may oras lang sana tayo para talakayin 'yan; pero ubos na ang oras ko. Ano ang letra ng kanyang pangalan? Protestantismo. "Gumawa tayo ng isang larawan na ayon dito. Gumawa tayo ng isang organisasyon. Ang iglesya namin ay kasing laki ng iglesyang Katoliko." Kinuha nila ang lahat ng mga bagay na ito. "May naglalakihan silang mga iglesya, at kami, rin. May kasing dami rin kami na mga premyadong tao ng siyudad, sa aming iglesya, gaya ng mayroon sila. Gumawa tayo ng isang larawan ng hayop." At ang bagay na sinabi mismo ng Biblia, siya'y isang "PATOTOT," at 'yun ay isang "PATOTOT," sa pamamagitan ng organisasyon.

226 Pero malaya ang Iglesya ng buhay na Diyos. "Sinuman na pinalaya ng Anak ay tunay na malaya na." Lumabas kayo mula rito! Mapuno kayo ng Espiritu ng Diyos.

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
Mga tanda na inihula ng Biblia;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
"Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

Ang araw ng pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit na. (Amen.)

227 Grabe na ang mga bagay-bagay na nangyayari! Sinabi Niya, na sa mga huling araw, "Huwag kayong matakot, munting kawan. Kalugurang mainam ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian," mauupong magkakasama sa Makalangit na mga dako.

228 At kayo na Methodist, Baptist, Presbyterian, na tinatawanan ang Pentecostal . . .

229 At, sinasabi ko, kailangan ng Pentecostal ng isang mainam na makalumang pang-Ebanghelyong pamamalo, dahil sila'y nag-organisa. Ang mismong Assemblies of God ay pumasok sa—sa pinaka malaking Pentecostal, umanib sa liga ng mga iglesya, naging pormal at malamig ang loob. At ang pinaka malala na nakita kong pakikitungo sa Espiritu Santo, halos, ay galing sa mga Pentecostal na mga mangangaral. Kaya huwag n'yong isipin, na porke't kabilang kayo sa iglesyang Pentecostal, kayo'y ligtas na.

230 Ligtas lang kayo kapag kayo'y tunay na nabautismuhan sa Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na kalakip

Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na humahayo na kalakip ang mga tanda't mga kababalaghan, sinusundan ang Espiritu saanman Ito magpunta. Ang mga tanda'y lalakip sa mga propeta. Ang mga tanda'y lumakip kay Jesus Cristo. Ang mga tanda'y lumakip sa mga alagad. Ang sabi Niya, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila," hanggang sa Siya'y magbalik muli.

"Sinabi ba Nito 'yun, Kapatid na Branham?"

231 "Magsiyaon kayo sa buong mundo, at ipangaral ang Kapangyarihang ito at pagpapamalas sa bawat bansa." At kulang pa ng dalawang-katlo nito, hayan nga, na hindi pa Ito kailanman napapakinggan. "At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila." "Sa kanila!" "Bawat bansa!"

232 Maluwalhati! Whew! Oh, grabe! Siguro iniisip n'yo na nababaliw na ako. Kapatid, sinasabi ko sa inyo, gustung-gusto ko itong mainam na makalumang relihiyon. Siyanga, po, inaangkla kayo kay Cristo!

233 Ngayon nakikita n'yo kung ano ang tanda ng hayop? Yun nga'y ang tanda ng apostasiya. Yun nga'y isang tao na isang... na iniisip lang, na, "Buweno, kaanib ako sa iglesya, at ako'y kasing buti naman ng katabi ko. Hindi ba't kaanib ako sa iglesyang ito?" At napagtatanto n'yo ba, kung saan ang iglesyang organisasyon na pinagsasaligan n'yo, kung saan ito nanggaling? Napagtatanto n'yo ba?

234 Ang sabi ng Biblia, "Siya na sumasamba sa hayop, ay tumatanggap ng kanyang tanda, o ng letra ng kanyang pangalan," ngayon tingnan n'yo, "sa noo o kamay," 'yan nga'y *kaalaman* o *gawa*. Hindi ibig sabihin n'yan ay tatanggap ka ng malaking tato sa inyong mukha. Hindi kailangang ganoon. Hindi nun tinutukoy ang panlabas. Espirituwal ang tinutukoy nun.

235 At masdan n'yo siya at tingnan kung ano ang nalalaman niya ukol sa Kasulatan. Pakinggan n'yo siya at tingnan n'yo kung saan ang tungo niya. "Kung ang sinuman ay wala nitong Turo't Aral, walang Liwanag sa kanya," 'yan ang sabi ng Biblia. Kita n'yo? Kita n'yo? Masdan n'yo kung saan ang tungo niya. Masdan n'yo ang ginagawa niya.

236 Sasabihin niya, "Buweno, ako'y—kaanib ako. Isa akong Protestante. Siyanga, po. Kaanib ako—kaanib ako sa *ganitong* iglesya. Siyanga, po." At pagdating ng Linggo mangyari nga na ganoon lang kakaunti ang respeto n'yo na lumabas sa ulan. Nauupo lang, sa halip na magpunta sa pagtitipon para sa pananalangin, isasara n'yo ang simbahan, at mauupo't manonood ng telebisyon. Nagpupunta siya rito at umiinom at kung anu-ano ang pinaggagagawa, at umaakto na gaya ng iba pa sa sanlibutan, gayong kasapi siya sa iglesya. Alalahanin n'yo, 'yan ay tanda ng kasalanan.

237 Ngayon magbasa pa tayo nang kaunti, bilisan na natin, at pagkatapos magsasara na ako. Lampas na tayo sa oras. Basahin natin ngayon ang ika-6 na talata.

> *At nakita ko ang babae* ngayon (ang iglesya) na lasing *sa dugo ng mga banal,...*

238 "Lasing sa dugo ng mga banal." Alam n'yo, ang sabi ng Biblia, noong siya'y mawasak, ang bawat mortal na namatay, sa lupa, ang sala ay nasumpungan sa iglesyang Katoliko. Ganoon mismo, sa pasimula.

> *...at sa dugo ng mga martir ni Jesus: at...*(si Juan ang nagsasalita na rito ngayon)*...at nang aking makita siya, ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.*

239 Sinabi ni Juan! Ngayon tingnan natin dito. Ang sabi ni Juan, "Tumingin ako sa kanya; siya'y napakaganda, isang nakabibighani't malaking iglesya. Siya'y may bunton ng mga iglesya na ipinanganak niya, 'ina ng mga patotot.' At tumingin ako sa ibayo, at papaanong ang babae na 'yun...Nagpapakalat siya ng huwad na doktrina, na nagbubunsod sa mga hari't mga dakilang kalalakihan na malasing dito. At dito ang mga anak niyang babae'y ginagawa ang siya ring bagay. Pero, tumingin ako sa kanya; napakaganda niya!"

240 May isang dako sa Kasulatan na ang sabi, "Nauupo ako bilang isang reyna at hindi nangangailangan ng anuman." Kita n'yo?

241 At pagkatapos siya, si Juan, ang sabi, "Nagigilalas ako sa kanya. Tiningnan ko siya, at tumingin nang may malaking pagkagilalas. Nagilalas ako sa kanya."

> *At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggilalas? Sasabihin ko sa iyo...Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at...ng hayop na* sinasakyan *niya, na may... pitong ulo at sangpung sungay.*

242 Ngayon tingnan natin kung tama siya. Kung nakuha natin nang tama ang Katolisismo, pagkatapos nga'y malalaman n'yo na ang Protestantismo na ang kasunod nito. Mangyari nga na mayroon kayong...Kayo, kayo nga'y may sapat na talino para matalos 'yun, kita n'yo. Masdan.

> *Ang hayop* na *nakita mo ay,...wala na; at...*

243 "Ang hayop." Ngayon masdan. Ngayon mapapansin n'yo rito, sinabi rito kung gaanong karaming hari ang mayroon; kung papaanong may paparam, may isa na darating.

> *...at umahon sa kalaliman,...*

244 Wala sa Biblia! Mula sa sambunton na mga pamahiin ay nakatha ito. Walang katibayan para rito. Saan n'yo nakuha ang "purgatoryo" n'yo? Saan n'yo nakuha itong "pangingilin ng karne," at "hindi pag-aasawa ng pari," at lahat ng ibang mga

bagay na ito na ginagawa nila, "pangungumpisal"? Saan n'yo nakuha ang mga 'yun? Wala ngang dako kung saan ito makikita. Nanggaling 'yun mismo sa impyerno. Sinabi mismo ng Biblia. Lumabas ito, ang hayop, ang kapangyarihan, ang doktrina na dala nito, "Umahon mula sa kalaliman."

. . . at patungo *sa kapahamakan:* . . .

245 Saan ang "kapahamakan"? Impyerno. Babalik mismo sa lugar na pinanggalingan nito.

> . . . *at silang mga nananahan* sa *lupa ay manggigilalas, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat* . . . *mula nang itatag ang sanglibutan,* pagkakita *nila sa hayop* na *naging siya,* . . . *at wala na, at darating.*

246 Ngayon, sinasabi ng mga iglesyang Protestante, "Buweno, papaano 'yun mangyayari, yamang sinasabi nila, 'Sinasampalatayanan ko si Jesus Cristo. Siya ang personal kong Tagapagligtas'?" Naniniwala rin ang diyablo, sa ganoon din, kapatid.

247 Kailangan nga'y pagbabagong-buhay, isang bagong Kapanganakan, isang ipinanganak muli. At kapag kayo'y ipinanganak muli, ang pangalan n'yo ay ilalagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero.

248 Sasabihin n'yo, "Iniisip ko nga madalas. Buweno, hayan, hindi ba't kasing inam din naman ako ng iba? Hindi ba't kasing inam ko ang sambunton n'yo na mga mangmang na holy-roller? Kasing talino ako. Mayroon akong mga . . . May mga digri ako. Nagtapos ako sa kolehiyo. Galing ako sa isang disenteng pamilya. Ang mga kamag-anak ko'y mga miyembro ng iglesya, na mga nauna sa akin. Hindi ba't kasing inam din naman ko kayo?"

249 Ang sabi nga rito, "Ang buong sanlibutan," Protestante't lahat na, "nagilalas," ang lahat maliban sa mga pangalan na 'yun na nakasulat sa Aklat.

250 Bakit naisulat ang mga pangalan na 'yun? Binhi sila ni Abraham, "at mga tagapagmana ayon sa pangako, hinirang bago pa itatag ang sanlibutan." Yan ang dahilan kung bakit di sila nagilalas. Pansinin dito, ngayon tingnan n'yo 'yung sinabi niya. Masdan n'yo ang mga ito sa Aklat ng Buhay ng Cordero.

*At narito ang pagiisip* na may *karunungan.*

251 Ngayon nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Ang karunungan ba'y isa sa mga kaloob ng Espiritu Santo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tama ba? Ilan ang naniniwala na ang Biblia, Unang Mga Taga-Corinto 12, ay itinuturo na ang mga kaloob at lahat sa iglesya, ay karunungan, sige't tingnan natin, isa sa mga kaloob? Buweno, papaano n'yo masasabi na wala nang pagsasalita ng mga wika kung ganoon? Papaano n'yo masasabi na wala nang pagpapaliwanag ng wika? Papaano n'yo

masasabi, na wala nang Makalangit na pagpapagaling? Dahil sa siya ring katawan. . . Kung ako'y isang katawan, may kamay sa tagiliran na *ito*, at kamay sa tagiliran naman na *ito*, at paa naman *doon*, papaano n'yo masasabi na ang kamay nga, hindi paa? Hindi n'yo ba narinig ang sinabi ni Pablo?

252 Ngayon masdan, siya'y nangungusap sa mga huling araw, direkta sa Katawan, ang sabi, "Heto ang sa isa na may karunungan." Oh, gusto ko ito. Oh, grabe! Heto ang bagay na gugulat sa inyo. Pakinggan n'yo ito. Buweno. "Heto ang pag-iisip na may karunungan." Kung ang mga kaloob na 'yun ng Espiritu Santo'y hindi dumarating sa tugaygay ng lahat ng kapanahunan, bakit siya nangusap ukol dito para sa huling mga araw kung ganoon? Kung wala na palang mga kaloob sa loob ng iglesya, sa mga huling araw, bakit niya pinatungkol ito sa mga huling araw kung ganoon? "Heto ang sa isa na may karunungan."

> . . . *Ang pitong ulo ay pitong bundok, na kinauupuan ng babae.*

253 Ilang burol daw? Ilang siyudad sa mundo, hayan nga, ang may iglesya na nakalagay sa pitong burol? Isa lang po. Saan 'yun? Sa Vatican City sa Roma. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinasabi ng Biblia na ang kakila-kilabot na patotot na ito na ibinunsod ang buong mundo na makiapid, at nanganak ng ilang maliliit na mga anak na babae para magturo ng siya ring bagay na itinuro niya; hindi man sila ganoong kasama tulad niya, pero sila'y mga patotot din. Itinuro sa kanila ang siya ring bagay. Ang sabi, "Ang pasimula nun ay isang babae," o isang iglesya, "na nasa pitong burol," sa Roma. Sinaliksik ko sa buong mundo; sabihin n'yo sa akin kung saan may ganoon, "isang iglesya na nasa ibabaw ng pitong burol." Ngayon binabasa ko po ito mula sa Biblia.

> *At may pitong hari: ang lima ay nanga buwal,* . . .

254 Kung kukunin lang natin ang kasaysayan, at babalikan at ipapakita ito, kung saan nangabuwal ang mga hari, sa Roma, mula sa kaharian ng Babilonia.

> . . . a*ng isa'y narito* (si Nero), *at* ang isa ay *parating; at* . . . *magtatagal na sangdaling panahon* (mga anim na buwan) pagdating niya.

255 "At ang hayop . . . " Ooh! Tingnan n'yo ito. Ngayon ang kapangyarihan ay hahalili sa pagano.

> *At ang hayop na naging siya, at wala na, ay* . . . *siya ring ikawalo,* (ngayon masdan) *at siya'y* ikapito, . . .

256 Alam n'yo kung gaanong kateribleng hari siya. Kanya nga- . . . Ibinitin niya ang kanyang nanay sa paod ng kabayo at pinakaladkad siya sa mga lansangan, at sinunog pa ang siyudad, at habang tumutugtog sa ibabaw ng burol. Ganoon na ganoon ang uri ng espiritu na nangingibabaw sa iglesya na naroon sa

dako ng pagano. "Ang ikawalo, na ikapito. At haya't siya'y narito, at wala; at narito, at wala; at narito, at wala," hanggang ngayon.

> . . . *at siya'y patungo sa kapahamakan.*

257 Dire-diretso hanggang sa panahon ng Pagparito ng Panginoon, at siya'y itatapon sa impyerno.

> *At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng* mga kaharian; *datapuwa't magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop.*

258 Oh, kung makukuha lang natin. . . "Hindi pa nagsitanggap ng kapangyarihan." Hindi sila mga hari. Wala silang. . . Hindi nila magagawa. Ang mga sungay ay walang mga korona. "Magsisitanggap sila ng kapangyarihan na gaya ng mga hari." Ano 'yun? Mga diktador; hindi mga de koronang hari. Mga diktador! Oh, naku!

259 Ngayon, oh, kapag nababasa ko ito, kung minsan nga'y lumulukso ang puso ko sa galak, buweno, kapag naiisip ko kung papaanong nabubuhay tayo rito sa huling araw.

> *At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaharian; datapuwa't magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop.*
>
> *Ang mga ito ay may isang kaisipan, at ibinibigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan* sa *hayop.*
>
> *Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero:. . .*

260 Hayan nga na darating ang Pagbabaka ng Armagedon; handa na sa Milenyum.

> . . . *sapagka't siya'y* ang *Panginoon ng* panginoon, *at* ang *Hari ng* hari:. . . (huwag n'yong ikagitla). . . *at ang mga kasama niya na mga tinawag,* ang *mga pili,. . .*

261 Hindi kayo; Siya ang gumawa. Kamit n'yo ang Espiritu Santo, marapat lang na sumigaw kayo sa pananagumpay. Pinili kayo ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Kung hindi n'yo makita ang Liwanag ng Ebanghelyo, ang dahilan nga'y kayo—kayo'y bulag mismo.

> . . . *mga pili, at mga tapat.*
>
> *At* sinabi *niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na* kinauupuan *ng patutot, ay mga bayan,. . . mga karamihan, at mga bansa, at mga wika.*

262 Sa madaling salita, ang babae na ito na nakaupo rito, ang iglesya, ay ipapakalat ang kanyang doktrina sa bawat tao, karamihan, at wika. Hayan nga siya. Siya'y may pamamahala sa

ibabaw nila. Siya'y nakaupo sa ibabaw nila, ang kapangyarihan na pumapaibabaw sa kanila. Naroon siya sa ibabaw ng pitong burol, nakadamit ng pula, nahihiyasan na pinakamayaman sa mundo. Hayan nga siya.

> *At ang sangpung sungay na iyong nakita sa hayop, ay siyang . . .*

263 Masdan n'yo ngayon, papunta na kayo sa mga kapangyarihan ng komunismo.

> *. . . ay siyang nangapopoot sa patutot, at siya'y pababayaan at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman, at siya'y lubos na susupukin ng apoy.*

> *Sapagka't inilagay* ng *Dios* sa *kanilang mga puso na gawin ang kaniyang kaisipan, at mangagkaisa ng kaisipan, at ibigay ang kanilang kaharian sa hayop, hanggang sa ang mga salita ng Dios . . . ay maganap.*

264 Hallelujah! "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapwat ang Salita ng Diyos ay di kailanman lilipas." Tingnan n'yo!

> *. . . ang babae na iyong nakita . . .*

> *. . . ang babae na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.*

265 Pakitaan n'yo ako ng isang siyudad sa mundo na naghahari sa ibabaw ng mga hari sa lupa, sa anumang paraan na gusto n'yo, maliban sa Katolikong herarkiya sa Roma, na nasa ibabaw ng pitong burol. Wala nga ni isang siyudad, at kahit maski noon ay wala, at di kailanman magkakaroon; maliban sa Bagong Bayan na buhat sa Langit. Tama.

266 Ngayon, pansumandali na lang. Gusto kong ipakita sa inyo ito uli, para ang Panginoon ay maalala at pagpalain tayo na magkakasama habang binabasa natin ito. Buweno. Masdan n'yo rito ngayon, babasahin ko ang ika-13 kabanata. Sisimulan ko sa ika-15 talata.

> *At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan . . .*

267 Yan nga'y sa Estados Unidos, na nakita natin na lumitaw, kita n'yo, na isang larawan.

> *. . . upang ang larawan ng hayop ay makapangusap, at maibunsod* ang marami na *hindi sumasamba sa larawan ng hayop na maipapatay.* (Yan nga ang boykot.)

> *At kaniyang* ibinunsod *ang lahat, maliliit at malalaki, mayayaman at mga dukha,* mga alipin *at* laya, *na bigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa* kapatas . . . -noo.

> *At nang huwag makabili* o *makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop, o bilang ng kaniyang pangalan.*

268 Ngayon masdan, ngayon, papalapit na ngayon, talagang papalapit na, bago lamang tayo magtapos. Ika-18 talata. Pakinggan n'yo.

*Dito'y may karunungan.*

269 Nakikita n'yo ang Espiritu Santo na tinatawag pabalik ang mga mananampalataya sa huling araw? Ang munting grupo roon, na nagsasalita, na tinatawag ang munting grupo sa araw na ito, "Heto ang sa kanya na may karunungan sa loob ng iglesya. Kanyang unawain nga ito."

> . . .*Ang may pagkaunawa* ay *bilangin ang* mga bilang *ng hayop: sapagka't* siyang *bilang ng isang tao,* (hindi isang bansa) *isang tao; at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim.*

270 At doon mismo sa Vatican City. . .Huwag n'yong sabihin sa akin ngayon; mayroon ako nitong *Facts Of Our Faith*, at lahat na, kita n'yo. Doon nga sa Vatican City, at ang papa ay tumatayo bilang "ang bikaryo ng Anak ng Diyos." May mga Katolikong kaibigan ako na nakaupo rito, na mga Katoliko, nakaupo rito at alam na 'yan nga'y katotohanan. Ang mga kamag-anak ko, hayan nga, na mga nauna sa akin, ay mga Katoliko, rin. Kita n'yo?

271 Tinawag nila si Saint Patrick na isang Katoliko, at kailanman ay di siya naging isang Katoliko. Ang sabi'y santo raw si Joan of Arc; at samantalang mga pari ang nagsunog sa kanya bilang isang mangkukulam. Hindi na nga nakapagtataka na sinabi ni Jesus, "Pinapuputi ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at kayo naman ang naglagay sa kanila roon, kayo na mga pinaputing libingan." Ganoon nga.

272 Masdan, ito'y bilang ng isang tao. At doon nga sa papa ng Roma, nakasulat dun, "VICARIVS FILII DEI." Mga Romanong letra 'yun. Isulat n'yo nga, kinabukasan. V, I, C, I, R, oh, ihiwalay n'yo, sa mga Romanong letra, at gumuhit kayo ng linya at sumahin n'yo, at tingnan n'yo kung anong makukuha n'yo: animnaraan at animnapu't anim. Saan siya nakaupo? "Sa pitong burol."

273 At mula roon ay lumabas ang organisasyon ng relihiyon, na nagturo ng dogma sa halip na Biblia. At lumabas mula rito ang mga Protestante, at ginagawa naman ang siya ring bagay na ginagawa nila, dahil ang sabi Nito'y isa siyang "PATOTOT," at sila nama'y "MGA PATOTOT." Lumabas na dala ang huwad na bautismo, dala ang isang huwad na relihiyon, na may huwad na kaisipan ukol sa Espiritu Santo, may huwad na haka ukol sa impyerno, at lahat ng mga bagay na tulad nun, at ang mga Protestante'y sumusunod sa mga yapak niya.

> Mangyayari na sa gabi ay Magliliwanag,
> Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong
> masusumpungan; (Tama.)

. . . daan, na siyang Liwanag ng kapanahunan,
Inilubog sa minamahal na Pangalang Jesus.
Kaya mga bata't matatanda, mangagsisi kayo sa pagkakasala,
Tiyak na paparitong lulukob ang Espiritu Santo;
Dumating na ang mga Liwanag na panggabi,
Di maikakaila ang totoo na Iisa ang Diyos at si Cristo. (Amen!)

274 Kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, hayan ang mga panggabing Liwanag na sumisinag. Ang siya ring apostolikong Doktrina, siya ring apostolikong pagbabautismo, ang siya ring apostolikong pagpupuno ng Espiritu Santo, ang siya ring apostolikong mga tanda't mga kababalaghan, ay sumisilip sa mga Gentil; gaya doon noon sa mga Judio, doon noon isang umagang-umaga, ay heto nga ito sa paglubog ng araw.

There are people almost everywhere,
Whose hearts are all on flame,
With the Fire that fell on Pentecost,
That cleansed and made them clean;
Oh, It's burning now within my heart,
Oh, glory to His Name!
I'm so glad that I can say I'm one of them.

One of them, I'm one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

They were gathered in the upper room,
All praying in His Name,
They were baptized with the Holy Ghost,
And Power for service came;
Now what He did for them that day
He'll do for you the same,
I'm so glad that I can say I'm one of them. (Hindi ba't kayo rin?)

Come, my brother, seek this blessing
That will cleanse your heart from sin,
It will start the joy-bells ringing
And will keep your soul aflame;
Oh, it's burning now within my heart,
Oh, glory to His Name,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

275 Oh, para sa maluwalhating Ebanghelyo na ito!

It's dripping in blood, yes, it's dripping in blood,

276 Tayahin n'yo ang halaga! "Kung ang sinuman ay susunod sa Akin, tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus," kamatayan, "at sumunod sa Akin."

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

The first one to die for this Holy Ghost plan,
Was John the Baptist, but he died like a man;
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,
He preached that the Spirit would save men from sin.

There was Peter and Paul, and John the divine,
They gave up their lives so this Gospel could shine;
They mingled their blood, with the prophets of old,
So the true Word of God could honest be told.

Then they stoned Stephen, he preached against sin,
He made them so angry, they dashed his brain in;
But he died in the Spirit, he gave up the ghost,
And went to join others, that life-giving host.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood,
This Holy Ghost Gospel kept dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel kept dripping with blood.

The souls under the altar, are crying, "How long?"
For the Lord to punish those who've done wrong; (Tinutuya, kita n'yo. Oh, naku!)
But there's going to be more who will give their life's blood
For this Holy Ghost Gospel and its crimson flood.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood,
This Holy Ghost Gospel keeps dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

277 Bumaling kayo sa palibot, makipagkamay sa isa't isa ngayon.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with
blood,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

278 Iniibig n'yo ba ang Panginoon? Pagpalain kayo ng Panginoon.

279 Ama, nananalangin kami na Iyong pagpalain ang mga tagapakinig na narito, at nawa sila'y umuwi nang may pagbubunyi. Nawa'y magsilapit sila sa Bukal na puno ng Dugo, na kinuha mula sa mga ugat ni Emmanuel. Nawa'y talikuran na nila ang lahat ng laon nang pagka-iglesya, at lumapit at tanggapin ang Espiritu Santo. Kami po'y dumadalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain kayo ng Diyos. Magandang gabi. Sumainyo nawa ang Diyos.

54-0513 Ang Tanda Ng Hayop
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org